

# التربية الذاتية

# ANG PAGTUTURO SA SARILI

باللغة الفلبينية

# ANG PAGTUTURO SA SARILI

Inihanda ni:
ABDULLAH ABDUL AZIZ AL IDAN

Isinalin ni:
IBRAHIM YUSOF

HOUSE OF THE PROPER KNOWLEDGE
FOR PUBLISHING & DISTRIBUTION
Riyadh- 11438 P.O.Box 32659 Tel 4201177 Fax 4228837

ⓒ دار الورقات العلمية للنشر والتوزيع ، ١٤٢٥هـ

*فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر*

العيدان، عبدالله بن عبدالعزيز

التربية الذاتية معالم وتوجيهات. / عبدالله بن عبدالعزيز العيدان؛ إبراهيم يوسف.- الرياض، ١٤٢٥هـ

٩٦ ص، ١٢ × ١٧ سم

ردمك: ٨ - ٧ - ٩٥٤٩ - ٩٩٦٠

(النص باللغة الفلبينية)

١- التربية الإسلامية ٢- التعليم الذاتي أ. يوسف، إبراهيم (مترجم) ب. العنوان

ديوي ٢٧٧,١ ١٤٢٥/٣٢٨١

رقم الإيداع: ١٤٢٥/٣٢٨١

ردمك: ٨ - ٧ - ٩٥٤٩ - ٩٩٦٠

**حقوق الطبع محفوظة**

**الطبعة الأولى**

**١٤٢٥هـ - ٢٠٠٤م**

# Pambungad ng Pagsasalin

Itong aklat ay isinulat ni As-Shaikh Abdullah Abdulaziz Al-Edan. Ito'y mahalagang aklat na kinakailangang basahin ng isang Muslim upang lumakas ang kanyang paniniwala.

Ito'y isinulat sa wikang arabek at isinalin sa wikang tagalog. Hindi isinama sa pagsasalin ang mga sangguniang aklat na isinasangguni ng may akda sa pagsisipi ng mga pangungusap, dahil ito'y mga aklat na arabek na hindi kinakailangan ng tagabasa na balikan at suriin. Hindi rin isinama ang mga nilalaman ng talababaan ng aklat upang hindi lumaki ang kanyang mga pahina at upang maging madaling basahin.

Ang mga pangalan at ang mga terminong pangrelihiyon ay isinulat ayon sa kanyang dating pagbigkas, dahil ito ang pamamaraang makabago sa panahon na ito. Kaya may matatagpuang mga pangalan sa aklat na ito na hindi sang-ayon ang kanyang pagkasulat sa mga ibang mga lathalain.

Ang pagsasalin ay pinagsikapan sa abot ng nakayanan na maitunay ang kahulugang nauunawaan sa hanay ng mga pangungusap na isinulat ng may akda. Kung may pagkakamali o pagkukulang sa pagsasalin ay aming hinihiling sa Allah, and Kapuripuri at Kataastaasan, ang kanyang kapatawaran at hinihiling

din sa tagabasa na ituwid ang Kanyang mapapansing kakulangan o kamalian sa mga hanay nitong pagsasalin.

**Ang Tagasalin**

# Mga Bantas na Ginamit at ang Kanyang Mga Kahulugan

" ": Ang nasa loob nitong paris na panandang ay mga salitang sinipi o mga katagang linilinaw.

( ) : Ang nasa loob ng panaklong ay mga **a**) Kataga o pariralang naglilinaw sa salita o katagang Malabo ang kahulugan **b**) Numero ng taludtod ng Qur-an.

[ ] : Ang nasa loob nito ay naidagdag sa mga kataga o salitang sinipi upang makapagbigay linaw sa mga kataga nito o kahulugan.

_ : Kung ito'y nasa ibaba ng isang patinig ay nangangahulugang pahabain ang pagbigkas ng katinig na nauuna sa kanya o ang patinig mismo ang pinahahaba ang pagbigkas kung ito'y nabibigkas. Ito rin ay ginagamit sa pagitan ng dalawang magkaibang bilang.

**:** : Itong tutuldok ay ginamit sa **a**) Pagitan ng katagang Qur-an at bilang ng kabanata at pagitan nitong kabanata at sa bilang ng taludtod **b**) Pagitan ng nakasulat na bilang at ng pamagat c) Pagitan ng salitang nangangailangan ng paglalarawan at ng inilalarawan.

' : Nangangahulugan nitong kudlit na may kinaltas na titik upang iklian ang pagbigkas ng dalawang kataga.

, : Ginamit sa mga hulihan ng parirala, o mga salita na ang kasunod ay salitang sinipi.

# Ang Mga Pinaikli at ang Kanyang Kahulugan

rah. = Rahimahollah : Mapasakanya ang kapatawaran ng Allah.

s.a.w.= Sallallaho A'layhi Wasallam: Sumakanya ang pagpapala ng Allah at kapayapaan.

r.a. = Radiallaho A'nho / Ridwanollahi A'nhom: Sumakanya / kanila ang kasiyahan ng Allah.

## Ang Ginamit na Mga Titik na Arabek at ang Naging Katumbas

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ا =A,E,O | ب =B | ت = T | ث = TH | ج = J |
| ح = H | خ = KH | د = D | ذ = Z | ر = R |
| ز = Z | س = S | ش = SH | ص = S | ض = D |
| ط = T | ظ = DH | ع = A',E',O' | غ = G | ف =F |
| ق = Q | ك = K | ل =L | م = M | ن = N |
| و = W | ها = H | ء = A,E,O | ي = Y | |

# Mga Nilalaman

**Paksa** **Pahina**


- Pambungad........................................ 6
- Ang Kahulugan ng Pagtuturo sa Sarili...........7


## Ang Kahalagahan ng Pagtuturo sa Sarili


- Ang Una: Ang Pagtuturo sa Sarili ay Pinauuna sa Iba ..............................................8
- Ang Pangalawa: Kung Hindi Mo Tinuturuan ang Iyong Sarili, Sino ang Magtuturo sa Iyo.........9
- Ang Pangatlo: Ang Pagtutuos ay sa Bawat Isa...............................................10
- Ang Pang-apat: Ang Kakayahan sa Pagbabago.........................................11
- Ang Panglima: Pamamaraan ng Matibay na Hangarin at Pagkamakatarungan.................12
- Ang Pang-anim: Ang Pinakamalaking Bisa sa Da'wah............................................12
- Ang Pampito: Ang Tamang Daan sa Pagbabago ng Pangyayari.....................................13
- Ang Pangwalo: Upang Tangiin mo (Katangian)........................................14

## Ang Mga Dahilan ng Pagpapabaya ng Pagtuturo sa Sarili


- Ang Pang-una: Kakulangan ng Kaalaman......15
- Ang Pangalawa: Kalabuan ng Hangarin at Punterya..........................................16
- Ang Pangatlo: Lakas ng Pagmamahal sa Mundo..........................................17
- Ang Pang-apat: Maling Pag-uunawa sa Pag-tuturo..........................................18
- Ang Panglima: Kakulangan ng Mabuting Himpilan ng Pagtuturo..........................19
- Ang Pang-anim: Kakulangan ng Taga-turo.....20
- Ang Pampito: Karamdaman sa Katagalan ng Hangarin..........................................21
- Ang Pangwalo: Kahiligan sa Pamamahinga at Katamaran..........................................22


## Ang mga Pamamaraan ng Pagtuturo sa Sarili


- Ang Unang Pamamaraan: Ang Pagtutuos......23
- Ang Pangalawang Pamamaraan: Ang Pagsisisi sa Lahat ng Kasalanan..........................30

- Ang Pangatlong Pamamaraan: Ang Pag-aaral at Pagpapalawak ng Kaalaman......................37
- Ang Pang-apat na Pamamaraan: Ang Pagsasagawa ng Mga Gawaing Paniniwala.....41
- Ang Panglimang Pamamaraan: Ang Pagbigay-Kahalagahan sa Kaugalian.......................51
- Ang Pang-anim na Pamamaraan: Ang Pakikilahok sa Da'wah............................57
- Ang Pampitong Pamamaraan: Ang Pagpupunyagi.......................................62
- Ang Pangwalong Pamamaraan: Ang Totoong Dasal at Pagpapakupkop sa Allah, ang Kataastaasan.......................................68

## Mga Bunga at Kinalabasan:

- Ang Una: Ang Pagtatagumpay sa Kagustuhan ng Allah, ang Kapuripuri at Kataastaasan, at Pagkakapasok sa Kanyang Paraiso...............74
- Ang Pangalawa: Ang Kaligayahan at Katiwasayan.......................................75
- Ang Pangatlo: Ang Pagmamahal at Pagkatanggap.......................................77
- Pang-apat: Ang Tagumpay at Mabuting Kapalaran..........................................79
- Ang Panglima: Ang Pagkakaligtas Mula sa Mga Masamang Pangyayari at Hindi Kanaisnais....80

- Ang Pang-anim: Ang Biyaya sa Oras at Kayamanan....................................81
- Ang Pampito Ang Pagbabata sa mga Kahirapan at Kalagayan....................................82
- Ang Pangwalo: Ang Pakiramdam sa Kaligtasan....................................84

# Pambungad

Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah lamang. Ang pagpapala at kapayapaan ay sa mapasasugo ng Allah.

Kapatid na Muslim! Pagkatapos tayong pagpalain sa kapalaran ng Islam, ang pinakamabuting kapalaran, at piliin sa pamamagitan ng milyong-milyong tao, mangyari bang tayo'y huminto sa hangganan na iyon, at hindi na natin isasagawa ang mga Haligi ng Islam at ang kanyang mga gawain? O ang karapat-dapat at tunay sa atin ay ang pagtaas ng ating kaalaman, paniniwala, at kaugalian?

Pagkatapos, sino ba ang may pananagotan sa pagtaas nitong magkakaibang panig ng ating buhay? Ang mga magulang ba natin, o ang mga kaibigan , o ang mga pamilya , o ang mga pamamaraan ng kabatiran, o ang tao sa kanyang sarili ang may pananagutan sa tungkulin na ito?

Pagkatapos, ano ang mga panig nitong pagtuturo at ang kanyang mga katangian? Ano ang kanyang nababago sa tao sa mundong ito at sa kabilang buhay?

Ang mga sagot nitong maraming mga katanungan ay matatagpuan sa pamamagitan ng mga hanay ng pangungusap na makakarating sa pahintulot ng Allah.

# Ang Kahulugan ng Pagtuturo sa Sarili

Mangyayaring itanong ng tagapagtanong kung ano ang kahulugan ng Pagtuturo sa Sarili.

Ang magiging sagot ay ganito: Siya ay ang magkakaibang mga pamamaraan ng pagtuturo na ipapasok ng isang Muslim sa kanyang sarili upang gawing ganap na pangangatawang Islam sa kanyang mga panig ng karunungan, paniniwala, kaugalian, lipunan at iba pa, at mapataas sa pamantayan ng taong ganap.

Sa kabilang kahulugan: Siya ang pagtuturo ng tao sa kanyang sarili sa magkakaibang paraan at lahat ng panig.

Sa pangangahulugang ito ay katumbas ng maramihang pagtuturo o mga pangkalahatang larangan na isinasagawa ng tao at pinagsasanayan kasama ng iba o doon siya nagsasanay kasama ng iba katulad ng moske, pamilya, paaralan, mga pamamaraan ng kabatiran, kagrupo, mga paglalakbay, pagsusuri at iba pang maramihang pangkalahatang gawain at panukala.

# Ang Kahalagahan ng Pagtuturo sa Sarili

Nang hindi pa natin natalakay ang mga pamamaraan ng Pagtuturo sa Sarili, dapat natin linawin ang kanyang kahalagahan at ang pangangailangan sa kanya ng bawat Muslim upang siya'y maging malaking gumaganyak sa atin sa pagtanggap sa kanya at pagbigay-halaga lalong-lalo na sa panahon na ito.

Tungkol sa kanyang kahalagahan ay magiging malinaw sa mga sumusunod na paliwanag:

## Ang Una: Ang Pagtuturo sa Sarili ay Pinauuna sa Iba

Ang pagtuturo ng isang Muslim sa kanyang sarili ay walang iba kundi pag-iingat mula sa kaparusahan ng Allah at sa kanyang apoy. Sa walang pag-aalinlangan, ang pag-iingat sa sarili ay tunay na nauuna sa pag-iingat kaysa mga katawan ng iba, tulad ng ginagawa ng tao pag nangyari ang pagkasunog ng kanyang bahay o kahit saang ibang lugar. Ang una-una niyang maiisip ay ang pagkaligtas ng kanyang sarili bago ang iba.

Nitong katotohanan ay pinatutunayan ng sinabi ng Allah, ang Kataastaasan,"O kayong mga nananampalataya, iligtas ninyo ang inyong mga sarili at pamilya mula sa apoy na ang kanyang panggantong ay ang mga tao at bato."Qur-an:66:6. Ang kahulugan ng pagliligtas ng sarili mula sa apoy ayon sa sinabi ni Al-lama Sa'di (rah.) ay, "Ang pagpipilit ng sarili sa pagsagawa ng utos ng Allah at pag-iwas sa kanyang ipinagbawal, at pagsisi sa mga bagay na nagawang ikinagagalit niya at nagdudulot ng kaparusahan. Iyon ang kahulugan ng Pagtuturo sa Sarili at ang kanyang layunin."

## Ang Pangalawa: Kung Hindi mo Tuturuan ang Iyong Sarili, Sinong Mag-tuturo sa Iyo

Sinong magtuturo sa tao pag siya'y umabot na sa gulang nang labing-limang taon, o dalawampo, o tatlumpo o higit pa diyan. Ang katotohanan sa taong iyon pag hindi niya tinuruan ang kanyang sarili, ay walang sinumang magtuturo sa kanya. Ang mangyayari ay maiimpluwensiyahan ng mga nakakaimpluwensiya tulad ng paniniwala ng kanyang magulang o ang paniniwala ng mga tao sa pangkalahatan. Ito'y dahil siya'y lumaki na at lalong nakakaalam sa kanyang sarili, mga pagkakataon ng pagtupad sa kautusan ng Allah, at

mga gawaing mabuti. Dumadaan sa kanya ang oras, tumatanda, at hindi niya maitumpak ang kanyang kakulangan o pinagsikapang gawin ang kaganapan ng kanyang pagkatao na kanyang kakulangan. Lumalapit din sa kanya ang oras ng kamatayan at araw ng kalugihan. "Sa araw na kayo'y kanyang pagtipun-tipunin sa Araw ng Pagtitipun-tipon. Iyon ang araw na [doon malalaman ang] kalugihan." Qur-an:64:9.

## Ang Pangatlo: Ang Pagtutuos ay sa Bawat Isa

Ang pagtutuos ng Allah sa kanyang mga alipin sa Araw ng Paghuhukom ay sa bawat isa, hindi maramihan. Ito'y nangangahulugan na ang bawat tao'y mananagutan sa kanyang sarili at mga gawain, mabuti man o masama. Siya'y tutuusing mag-isa sa kanyang mga gawain, kahit siya'y nangangatwiran na ang iba sa kanya ay naging dahilan sa kanyang mga gawain, kakulangan, pagkawalang bahala, pagkaligaw at pagkalihis sa pananampalataya. Siya sa mga pangangatwiran na ito ay sapilitang tutuusin kasama ang kanyang mga isinangkot.

Sinabi ng Allah, ang Kataastaasan, "Lahat sila'y makakarating sa Kanya sa Araw ng Pagkabuhay na muli sa isa't isa" Qur-an:19:95. "Bawat tao'y aming itinali ang kasulatan [ng kanyang mga Gawain] sa

kanyang liig at aming ilalabas para sa kanya sa Araw ng Pagkabuhay na muli na talaan na kanyang mahaharap na nakabukas (13) [At sasabihin sa kanya] "Basahin mo ang iyong talaan. Sapat na tagatuos ang iyong sarili laban sa iyo sa araw na ito". Qur-an:17:13-14. Nabanggit sa Tradisyon ng Propeta (s.a.w.), "Bawat isa sa inyo ay kakausapin ng kanyang Panginoon. Walang tagapagsalin sa kanilang pagitan."

Sinung taong tinuruan niya ang kanyang sarili sa totoong pagtuturo ay maging madali sa kanya ang pag-tutuos sa kapahintulutan ng Allah at makakaligtas sa awa ng Allah sa kaparusahan.

## Ang Pang-apat: Ang Kakayahan sa Pagbabago

Walang taong Malaya sa mga kamalian at kakulangan, o hindi makakagawa ng katiwalian at kasalanan maliit man o malaki. Kung ganoon ang nangyayari, nangangailangan nitong mga bagay ng lunas at pag-bago sa kanyang umpisahan o habang hindi pa lumala. Hindi kayang maitama ng tao ang kanyang mga kamalian, o gamutin ang mga ugaling masama sa ganap at palagiang pamantayan kundi ito ay gagawin sa pamamaraan ng sariling pagtuturo, dahil siya ang may sapat na kaalaman sa kanyang sarili at sa kanyang mga nakatago at nakalihim. Siya rin ang may sapat na

kakayahan sa pagpilit sa kanyang sarili sa pagsunod ng pamamaraang natatakda, mabuting kaugalian, at mahalagang galaw.

## Ang Panglima: Ang Pamamaraan ng Matibay na Hangarin at Pagkamakatarungan

Ang Pagtuturo sa sarili ang pangunahing dahilan na maging matatag ang isang Muslim sa landas ng pananampalataya at gabay hanggang sa huling buhay sa pahintulot ng Allah. Siya ang pangunahing hanay sa pagkakaharap ng mga tukso at nakakalinlang na tinatangay ang isang Muslim sa panahong ito at inuudyok sa pagkakalihis at pagkakahulog, kahinaan at katamaran, pagkakaramdam ng takot sa hinaharap na panahon, at pagkakasira sa ngayong panahon.

Ang kahalintulad ng Pagtuturo sa Sarili sa paksang ito ay ang kahoy na tuwing humahaba ang kanyang mga ugat sa lupa ay lalong lumalakas sa harapan ng malakas na hangin.

## Ang Pang-anim: Ang Pinakamalaking Bisa sa Da'wah (Panawagan sa Daan ng Allah)

Bawat dating Muslim ay dapat maging tagapagtawag para sa Allah, gagawa ng kabutihan, magtuturo, magbigay-gabay at magsanay sa abot ng kanyang kaalaman at makakaya upang siya'y maging katanggap-tanggap sa mga tao, malapit man o malayo, at maging may kakayahan sa pagbabago at pagpapalit sa kabuhayan ng mga tao. Siya'y nangangailangan ng malakas na paghahanda sa sarili at malaking bisa ng pamamaraan. Walang lalong mabisa sa pamamaraan ng kanilang da'wah at pagkakatanggap sa mga tao na hihigit sa pagiging mabuting tularan at huwarang katangi-tangi sa kanyang paniniwala, karunungan at kaugalian. Ang pagiging mataas na huwaran at pagkakaroon ng malakas na impluwensiya ay hindi lang lumilikha ng maraming pagsasalita at mga panayam sa mga tao, ngunit lumilikha rin sa tagatawag (nangangaral) ng tunay na Pagtuturo sa Sarili.

## Ang Pampito: Ang Tamang Daan sa Pagbabago ng Pangyayari

May isa ba sa mga Muslim ngayon na hindi idinadaing ang kasamaan ng kalagayan ng mga bansang Islam sa kanyang magkakaibang panig mula sa kanyang pagkakaroon, relehiyon, ekonomiya, pulitika, kabatiran, lipunan, at iba pa? Ang maging sagot diyan ay wala.

Kung ganon, anong pamamaraan sa pagbabago nitong masakit na pangyayaring kinabubuhayan ng ating bansa? Anong matatag na hakbang na dapat gawin upang maging tama ang pamamalakad? Mangyari bang sa pamamaraan lang ng pagdadaing o pagpaubaya sa Allah? O sa madaling salita (kasama ang ibang pamamaraan) dapat mag-umpisa ang bawat isa sa pagtuturo sa kanyang sarili. Bawat isa, lalaki man o babae, ay isasagawa nitong tungkulin sa kanyang sarili sa mabuting pamamaraan, kalahatan, at pagkakapantay. Ang dahilan nito'y pag maging maayos ang pamilya sa kapahintulutan ng Allah, at ang kinalabasan ay maging maayos ang lipunan.

Sa ganoong pamamaraan ay maging unti-unting matutuwid ang kalagayan ng buong bansa.

## Ang Pangwalo: Upang Tangiin Mo

Sa wakas lalabas ang kahalagahan ng Pagtuturo sa Sarili likha ng kanyang kaalwanang tuparin, karamihang pamamaraan at pagkakaroon sa bawat Muslim sa lahat ng oras, kalagayan at lugar, katulad ng mga bagay na ating lilinawin sa hulihan. Ito'y naiiba sa pangkalahatang pagtuturo na may natatakdang mga oras at mga lugar.

# Ang Mga Dahilan ng Pagpapabaya sa Pagtuturo sa Sarili

Bagaman ating nabigyang linaw ang mga pananaw na nagpapatunay sa kahalagahan ng Pagtuturo sa Sarili para sa bawat Muslim, babae man o lalaki, ngunit kung suriin ang pang-araw-araw na nangyayari na kinabubuhayan ng karamihan sa mga Muslim sa magkakaibang panig ng kanilang pamumuhay ay ating mapapansin ang malinaw na pagpapabaya sa pagtuturo sa sarili at hindi pagbigay sa kanya ng kailangang pag-aalaga, at kahalagahan.

Kung pag-aralan natin ang mga dahilan ng pagpapabaya sa kanya ay ating maabot ng isipan na iyon ay nauuwi sa mga ilang dahilan kasama ang mga sumusunod:

## Ang Una: Kakulangan ng Kaalaman

Ang kamangmangan ng karamihan sa mga Muslim tungkol sa mga nilalaman ng Qur-an at ang Tradisyon ng Propeta Muhammad (s.a.w.) na nag-uudyok at tumatawag sa pagsasagawa nitong pagtuturo, ang kakulangan ng kanilang kaalaman sa mga gawaing mabuti at kanyang malaking gantimpala, ang

kakulangan ng kanilang kabatiran sa kanyang mga bungang mabuti para sa kanilang mga sarili at pamumuhay sa mundong ito at sa Huling Araw, at sa kabila nito ang kanilang kamangmangan na ang satanas ay kanilang kaaway na hindi tumutigil sa pagliligaw sa kanila sa lahat ng pamamaraan at daan mula sa kabutihan at pagiging masunurin sa Allah, ang lahat nitong nabanggit ay siyang dahilan ng kanilang pagpapabaya sa pagtuturo sa kanilang mga sarili at pagbabago na kinakailangan.

## Ang Pangalawa: Kalabuan ng Hangarin at Punterya

Kasama sa mga nakakatulong sa isang Muslim sa pagtuturo sa kanyang sarili ang kalinawan ng kanyang hangarin sa mundong ito at hantungan ng kanyang pagkakaroon dito. Siya'y nilikha upang sundin ang Allah, magpunyagi sa Kanyang daan, at manawagan para sa Kanya upang maging matagumpay sa Huling Araw at makamtan ang Paraiso na ang lawak ay ang pagitan ng lupa at langit, o ang tinatawag na mataas na Paraiso, at sa mundong ito ay maging maligaya ang kanyang puso at matiwasay ang kanyang sarili.

Ang tungkol naman sa namumuhay na walang layunin at hantungan, o hindi ito malinaw sa kanya, at

siya'y tinatangay ng kaguluhan at kalabuan ng isipan tulad ng kalagayan ng karamihan sa mga Muslim ngayon, naging ang mundo at ang kagustuhan sa kanya (mundo) at sa mga bagay na kanyang (mundo) nilalaman ang pinakamahalaga sa kanya (tao), ay tunay na malayo sa kanyang (tao) kaisipan at pagkakaroon ng kasipagan sa pagtuturo sa kanyang sarili o magtiis sa kanyang mga gawain mula sa nararamdamang masakit o kahirapan at kapaitan.

## Ang Pangatlo: Lakas ng Pagmamahal sa Mundo

Maaari ang iba sa atin ay kanyang nalalaman ang mga kabutihan at mga gantimpala. Naaabot ng kanyang kaisipan ang tunay na layunin sa buhay sa mundong ito. Datapwat ang nakakahadlang sa kanyang pagtuturo sa sarili ay ang pagmamahal sa mundo sa kanyang puso at pangangatawan. Doon niya ginamit ang kanyang pagsisikap, lakas, oras at pag-iisip na iyon sa kanyang paningin ay hadlang ng pagtutupad ng pagtuturo sa sarili. Siya'y abalang-abala sa kanyang paningin sa mga bagay na lalong mahalaga at dapat unahan katulad ng paghahanap buhay, at pagtatag ng kanyang kinabukasan at kinabukasan ng kanyang mga anak, o dahil sa kanyang pagmamahal sa kayamanan at

karagdagang mga tubo, o dahil sa pagkakaabala sa mga bagay na nakakaaliw at nakakasarap at iba pa.

## Ang Pang-apat: Maling Pagkakaunawa sa Pagtuturo

Ang maling pagkakaunawa sa tunay na kahulugan ng Pagtuturo sa Sarili at ang kanyang mga pamamaraan at layunin ang pumupigil sa ibang mga Muslim sa pagbibigay kahalagaan sa kanilang sarili at pagtuturo sa kanya. Iniisip nilang pag ito'y ginawa, siya'y magiging dahilan ng pagkakawala sa pamumuhay at pagkakalayo sa mga tao, o makakakuha mula sa kanilang oras at pagsisikap ng malaking bagay na kumplikado sa pangunahing pangangailangan ng buhay, o hindi nila ito kinakailangan dahil sa awa ng Allah, ang Kataastaasan, sila'y Muslim na. Ginagampanan nila ang pinakamahalagang mga sapilitan sa kanilang relihiyon at ito'y sapat na sa pagpaparami ng mga ibang gawaing pagsusunod sa Allah at pagdadasal na hindi naman mahalaga.

## Ang Panglima: Kakulangan ng Mabuting Himpilan sa Pagtuturo

Ang kapaligiran na kinabubuhayan ng tao ay may malaking impluwensiya sa kanyang pamumuhay

mabuti man o masama. Ang halimbawa nito'y ang bahay, ang daan, ang mga kaibigan, ang paaralan, ang palengke, ang mga pamamaraan ng kabatiran na nakikita at naririnig at nababasa at iba pa. Ang lahat nito ay may malakas na bisa sa pag-iisip ng tao sa kanyang mga gawain at mga kaugalian. Kung itong mga himpilan (lalong-lalo na ang mga bahay) ay mabuti at alinsunod sa gabay ng Allah, ito'y makakatulong sa pagiging matuwid ng bawat isa, sa pagbibigay-halaga ng pagtuturo, paglilinis sa sarili, at maitutunay ang layunin sa pagkakaroon nitong himpilan. Kung ito naman ay salungat, sa kasawiang palad ito'y naging paraan sa mga pamamaraan ng pagkabigo, pagpapabaya, hadlang ng pagpapaunlad, pagbabago, at pagpapalit.

Kung suriin natin ngayon itong mga himpilan ay ating makikita na ang karamihan ay wala sa batayang nakakatulong sa pagtuturo at pagtutuwid, dahil sa kanyang kasamaan, pagkalihis, pagkamahina at mababang pamantayan.

## Ang Pang-anim: Kakulangan ng Mga Tagaturo

Ang tao sa walang pag-aalinlangan sa magkakaibang hakbang ng kanyang buhay ay tunay na nangangailangan ng gabay at pagtuturo mula sa

kanyang pagkabata hanggang umabot sa tamang gulang at tumanda hanggang sa mamatay. Hindi tutuo na ang mga bagay na ito ay natatakda lamang sa mga bata o sa mga binata tulad ng nasa isipan ng iba sa atin. Datapwat ang pagtuturong iyon at itong gabay ay hindi nangangailangan na mangyari sa takdang ayos o tiyak na pamamaraan. Ito'y nasa magkakaibang pamamaraan at maraming daan ayon sa gulang, panahon, at kalagayan.

Ating nalalaman na ang una-unang tagaturo ay ang tatay at ang pangalawa ay paaralan, ngunit sa panahon na ito ay bahagyang nawawala sa ating lipunan ang kanilang tungkuling pagtuturo sa mga dahilan at iba pa, kasama nito ang kakulangan ng isang kaibigan na nagbibigay ng tamang payo, o kapatid na nagbibigay-gabay. Kung gayon, ating naabot ng isipan ang pangangailangan ng bawat Muslim, babae at lalaki, sa pagsasagawa ng kahalagahan ng Pagtuturo sa Sarili at isagawa ang tungkuling nawala sa tatay at nanay, kaibigan at iba pang iniwanan o humina sa kanila ang tungkulin ng pagtuturo at pananagutan sa pagkakapatid.

## Ang Pampito: Karamdaman sa Katagalan ng Hangarin

Itong karamdamang palagiang sakit ng pangangatawan ng karamihan sa mga Muslim ang

gumagawa ng pag-aalinlangan sa iba sa kanila (sila'y nasa kakaunting bilang). Sila'y nag-aalinlangan sa pamamagitan ng pagsulong sa pagtuturo, paglinis sa sarili, at pagtupad sa lahat ng kasunuran sa Allah at gawaing mabuti o pag-urong sa lahat na ito.

Ito'y dahil sa karamdamang pang-uudyok ng satanas na nagsasabi tuwing nagugustuhan ng tao ang pag-umpisa sa mabuting trabaho, "Bakit ka nagmamadali sa pagtuturo ng iyong sarili at pagiging matuwid sa pagsunod sa Allah? Mahaba pa ang natitira sa buhay mo. Maghintay ka muna ng sandali hanggang sa makakarating ang masayang mga araw at mga oras na walang abala mula sa isipan at mga gawain upang ikaw magkaroon ng tamang pagkakataon at matatag na hangarin sa pagtuturo at pagbibigay-halaga sa iyong sarili.

Ito ang palagiang kalagayan kasama ng mapanganib na pakiramdam. Ito'y dahil dumadaan ang buhay ng isa sa kanila at lumilipas ang taon. Sa pangyayaring ito hindi siya nakagawa ng kahit isang hakbang ng pagbabago sa kanyang sarili at pagpapalit ng kanyang kaugalian.

## Ang Pangwalo: Kahiligan sa Pamamahinga at Katamaran

Pinapangarap ng karamihan sa mga Muslim na magiging maayos ang kanilang kalagayan at matuwid ang pamumuhay, at magiging pinakamabuti sa mga tao hinggil sa katakutan sa Allah, pananampalataya, kaayusan at kabanalan. Ngunit ang nakakahadlang at umaawat sa kanila mula sa kanilang pangarap ay ang kahiligan ng kanilang mga sarili sa katamaran, kahinaan, kagustuhan sa pamamahinga, at kaluwagan.

Dahil nitong mga karamdaman, ang kanilang pagpipigil sa sarili sa paghihirap at hindi pagpapagod para sa kabutihan at ang bagay na mapapakinabangan pag nakauwi sa harapan ng kanilang Panginoon ay maraming nawala sa kanila at ang mga katulad nila na mahalagang pangyayari at pagkakataon, at mabuting mga gawain. Ang dahilan nito ay ang kahinaan ng kanilang mga sarili at pagkakatalo sa kanila ng satanas.

## Ang Mga Pamamaraan ng Pagtuturo sa Sarili

Kasama sa pagpapala ng Allah ang Kataastaasan at ng Kanyang biyaya ay ang pagpapadali ng maraming pamamaraan at daan upang makamit ang Kanyang kapatawaran, pagmamahal, at Paraiso lalong-lalo na ang bagay na may kaugnayan sa pagtuturo ng Muslim sa kanyang sarili. Ang dahilan nitong maraming daan at mga pamamaraan ay upang makakuha mula sa kanya

ang bawat Muslim ng kanyang makakayang gawain at maging dahilan ng pagtaas ng kanyang hangarin.

Ang tungkol sa mga pamamaraan ng Pagtuturo sa Sarili ay marami, kasama ang mga sumusunod:

## Ang Unang Pamamaraan: Ang Pagtutuos

Sinabi ni Predikador Mohammad Al-Gazzali (rah.), "Kung ang tao ay [pabayaang] kikilos sa mundong ito ayon sa kanyang kagustuhan na walang sumusubaybay o tumatantiya ay gagawin niya sa pamamaraang pag-aaksaya, at kalukuhan ang makakasira sa kanyang buhay, tulad ng pagsisira ng mangmang sa kanyang kayamanan. Ngunit ang Allah ay may mga tagabantay na isinusulat ang bawat gawain na maliit at malaki. Isinusulat nila para sa kanya [ang katulad ng] bigat ng katiting."

Nang dahil sa hindi pinabayaan ang tao, dapat sa bawat Muslim ayon sa kaisipan at karunungan ay gawing umumpisa, kung siya'y nakapagpasiya sa pagtuturo sa kanyang sarili, sa pagtatantiya sa kanyang mga gawain, mabuti man o masama, at suriin ang kanyang mga nagawang mabuti para sa kanyang sarili at mga nagawang masama laban sa kanya upang hindi siya magtaka sa araw na nakatakda sa bagay na hindi niya

inaakala.Iniisip niya na siya'y mabuting tao, at kasama sa mga taong matuwid at matakutin.

Sinabi ng Allah ang Kataastaasan, "O kayong mga nananampalataya, matakot kayo sa Allah, at tingnan ng bawat sarili ang kanyang nagawa para sa bukas." Qur-an: 59:18.

Sinabi ni Al-Imam Ibno Kather, "Tuusin ninyo ang inyong mga sarili hanggang hindi pa kayo tutuusin. Tingnan ninyo kung ano ang inyong naipon para sa inyong sarili mula sa mga gawaing mabuti para sa araw ng inyong pag-uwi at pagkaharap ng inyong Panginoon. Dapat ninyong alamin na Siya'y nakakaalam sa lahat ng inyong gawain at kalagayan. Walang naililihim sa Kanya na lihim." Naiulat mula sa Propeta (s.a.w.) na kanyang sinabi, "Ang matalino ay ang nalupig niya ang kanyang sarili at nakagawa ng bagay na para sa pagkatapos ng kamatayan. Ang mahina ay ang kanyang pinasundan sa kanyang sarili ang kanyang kagustuhan at nangarap laban sa Allah ng mga pangarap."Isinalaysay ni At-Tirmizey.

Sinabi ni Omar Ibnol Khattab sa kanyang tanyag na karunungan, "Tuusin ninyo ang inyong mga sarili nang hindi pa kayo tinutuos, at timbangin ninyo ang inyong mga sarili nang hindi pa kayo tinitimbang, dahil nito'y lalong magaan sa inyo bukas ang pagtutuos ninyo sa inyong mga sarili ngayon. Paghandaan ninyo ang inyong mga sarili sa araw ng malaking pagtatanghal. Sa

araw na iyon ay kayo'y ilalantad at walang ililihim sa inyo na lihim."Isinalaysay ni Al-Imam Ahmad.

Sinabi ni Al-Hasanol Bashari, "Katotohanan, ang alipin ay nasa mabuting kalagayan hanggang siya'y nagbibigay payo sa kanyang sarili at ang pagtatantiya ang kanyang hangarin."

Sinabi ni Ibnol Qayyim na nagpapatunay nitong panig, "Ang lubos na nakakasira sa taong may pananagutan ay ang pagpapabaya at pag-iwan sa pagtatantiya, ang walang ingat, at ang pagmamadali sa lahat ng gawain. Itong mga gawain ang nagdadala sa kanya sa kapinsalaan. Pinipikit ng isa sa kanila ang kanyang mga mata mula sa magiging kalalabasan. Pinipabayaan ang kalagayan, at umaasa sa kalikasan. Kinakalimutan ang pagtutuos sa kanyang sarili at pagsusuri sa magiging resulta. Pag ito ang ginagawa ay maging magaan sa kanya ang pagkalublub sa mga kasalanan, at masasanay siya doon at mahirap na niya maitakwil."

Dahil sa kahalagahan nitong panig sa Pagtuturo sa Sarili ay ating bibigyang linaw ang mga ilan sa kanyang mga turo kasama ang mga sumusunod:

## 1. Ang Pangangailangan sa Pauli-ulit na Pagtutuos

Ang Muslim na tapat sa pagtuturo sa kanyang sarili ay pinagsisikapan ang pagtatantiya sa kanyang sarili paminsan-minsan. Sinusuri ang bawat hakbang ng kanyang buhay upang tingnan sa kanya ang mga tamang isipan at itatag nito at paunlarin, at ituloy ang kanyang mabuting mga gawain at itatag. Ang tungkol naman sa mga kakulangan at masamang kaalaman at gawain ay kanyang iiwasan.

Sinabi ni Ibnol Qayyim sa pagpapaliwanag nang isa sa mga pamamaraan ng pagtutuos, "Ang pinakamabuti [sa pagtutuos] ay dapat umupo ang isang tao ng isang oras pag napag-isipang matulog at tuusin ang kanyang sarili sa mga kalugihan at kabutihan na kanyang nagawa sa araw na iyon. At babaguhin niya para sa kanyang sarili ang pagsisisi [sa kanyang mga kasalanan] sa pamamagitan niya at ang Allah. Siya'y matutulog sa pagsisising ito at titiyaking hindi na babalikan ang kanyang kasalanan.

Pag siya'y namatay sa gabing iyon, siya'y namatay sa pagsisisi. Kung siya naman ay nagising, siya'y nagising na papunta sa kanyang trabaho. Siya'y maligaya sa pagkahuli ng kanyang kamatayan at pagkaroon ng pagkakataong maharap muli ang kanyang Panginoon at maitumpak ang kanyang kamalian."

## 2. Ang Mga Pangunahing Mahalaga

Ang una-unang bagay na dapat tantiyain ng isang tao sa kanyang sarili ay ang kaayusan ng kanyang pananampalataya, katiyakan ng kanyang paniniwala sa kaisahan ng Allah, kaligtasan niya sa lahat ng pagtatambal lalong-lalo na ang maliit na pagtatambal at nakakubli na kadalasang napapabayaan, at ang mga iba pang mga paniniwala at gawaing salungat at nakakasira sa paniniwala sa kaisahan ng Allah.

Pagkatapos ay kanyang tutuusin ang mga tinutupad niyang sapilitang gawain mula sa kanyang pagtupad sa mga pagdadasal na limang beses araw-araw sa pamamaraan ng pangmaramihan, mabuting pakikitungo sa mga magulang, maayos na pakikiugnay sa mga kamag-anak, pag-uutos ng mabuting gawain at pagbabawal ng masama. Pagkatapos nito ay ang kanyang pag-iiwas sa lahat na ipinagbabawal at masama, maliit man o malaki, at ang kanyang pagsasagawa ng mga gawaing ipinag-utos ng Propeta (s.a.w.) at pagsunod sa kautusan ng Allah.

## 3. Ang Mga Uri ng Pagtutuos

Ang Pagtutuos sa sarili batay sa sinabi ni Ibnol Qayyim ay nasa dalawang uri. Ang uring ginagawa nang hindi pa nangyari ang gawain at ang uring ginagawa pagkatapos ng gawain.

Ang tungkol sa unang uri ay ginagawa sa unang pagpapasiya at pagkagusto. Hindi niya gagawing

madalian ang kanyang gawain hanggang naging malinaw na ito'y dapat gawin o iwanan.

Ang pangalawang uri naman ay pagtatantiya sa sarili pagkatapos ng gawain. Ito'y nasa tatlong uri:

a. Pagtatantiya sa sarili tungkol sa mga kasunuran na hindi naisagawa ng mabuti mula sa mga katuwiran ng Allah o hindi naisagawa sa pamamaraang kinakailangan.

b. Pagtatantiya sa sarili sa bawat gawain na hindi naitupad at iyon ay nakakabuti sa kanya kung itinupad.

c. Pagtatantiya sa sarili sa mga pinahintulutang gawain na kanyang naisagawa. Bakit naisagawa? Iyon ba'y isinagawa dahil sa kagustuhan ng Allah at para sa Huling Araw o para sa makamundong hangad?

## 4. Ang Pagtutuos sa Oras

Kasama sa mga pamamaraan ng pagtutuos ang pagtatantiya ng isang Muslim sa kanyang sarili kung papaano niya pinakinabangan ang kanyang oras na ito'y kanyang buhay at puhunan ng kanyang kayamanan. Ito ba'y kanyang ginugol sa mga kabutihan, mga gawaing mabuti at kapakinabangan ng mga Muslim, O salungat ang pagkagamit nito sa mga nabanggit, dahil ito'y ginugol sa mga masamang gawain, kasalanan, pag-aaliw at kapabayaan. Tungkol diyan sinabi ng Propeta (s.a.w.),

"Mananatili ang dalawang paa ng isang alipin sa Huling Araw hanggang siya'y tatanungin sa apat na bagay" kasama nitong sumusunod: "Tungkol sa kanyang buong buhay kung saan niya ginugol, ang kanyang kabataan kung saan niya ginamit..."Isinalaysay ni At-Tirmizey.

Ang mga naunang relihiyosong mga tao (r.a.) ay pinakamaingat sa paggamit ng kanilang mga oras dahil sila ang pinakamaalam sa kanyang halaga. Sinabi ni Al-Hasan, "Naabot ko ang mga tao na sila'y sa paggamit ng kanilang mga oras ay pinakamaingat kay sa inyong paggamit sa inyong mga dirham at dinar."

## 5. Ang Pagsasagunita sa Malaking Pag tutuos

Kasama sa makakatulong sa Muslim sa pagtutuos sa kanyang sarili, ang kanyang kaalaman na ang Allah ang Kapuripuri at Kataastaasan, ay katotohanan na kanyang tutuusin ang Kanyang mga alipin sa araw ng Paghuhukom sa tunay na pagtutuos. Tatanungin niya sila sa mga gawaing naitupad nila mula sa kabutihan at kasamaan. Sa araw na iyon ay matatagpuan ng tao ang kanyang gawain na natantiya para sa kanya at walang hindi maisasama mula nitong mga gawain kahit katulad ng atomo.

Sinabi ni Al-Hasan ang tungkol dito, "Ang nananampalataya ay tagapamahala sa kanyang sarili. Tinutuos niya ang kanyang sarili sa pamamaraan ng Allah, ang Dakila't Makapangyarihan. Naging magaan ang pagtatantiya sa Araw ng Paghuhukom sa mga tao dahil kanilang tinuos ang kanilang mga sarili sa mundong ito at mahirap ang pagtutuos sa iba namang mga tao dahil ginawa nila itong mga bagay sa walang pagtutuos."

## Ang Pamamaraang Pangalawa: Ang Pagsisisi sa Lahat ng Kasalanan

Pagkatapos ng kuro-kurong pagtutuos at pagkaalam ng tao sa kanyang mga kasalanan at kakulangan, susunod ang tinatawag na "At-Takhliah" pagtatakwil nitong mga kasalanan bago ang tinatawag na "At-Tahliah" paglilinis ayon sa kasabihan ng mga taong pantas. Ito'y sa pamamaraan ng pagsisisi sa lahat ng kasalanan, kamalian, pagkukulang sa isipan, gawain, kaugalian at iba pa; at sa pamamaraan rin ng pag-uunawa sa pangangailangan ng isang Muslim sa Allah, at pagiging malapit sa Kanya at sa Kanyang kaluguran.

Ito'y hindi mangyayari kundi sa pamamaraan ng pagtatakwil sa lahat ng kasalanan at kakulangan ng tao. Sinabi ni Ibnol Qayyim (rah.), "Ang pagsasagawa agad ng pagsisisi ay tunay na sapilitan. Hindi maaari pang ipagpaliban. Pag ipinagpaliban ng alipin ay kanyang sinuway ang Allah. Pag siya'y nakapagsisi sa kanyang kasalanang ipinagpaliban ay naiwan pa sa kanya ang pagsisisi sa pagpaliban ng kanyang kasalanan. Ito'y madalang pumpasok sa isipan ng nagsisisi at ito'y hindi naisasagawa maliban lang sa kalahatang pagsisisi mula sa mga kasalanang nalalaman o hindi nalalaman.

Katulad din ng mga makasalanan sa pangangailangan ng pagsisisi at paghihingi ng kapatawaran sa Allah ang mga taong madasalin. Ang sinuman sa kanila na ang kanyang nasa isipan ay walang mapagsisisihan o hindi nangangailangan ng pagsisisi ay nagkasala. Siya'y natangay ng panlilinlang, at nahuli sa bitag ng pag-iisip sa kasinungalingang kaganapan ng kanyang kaluluwa na ipinagdulot sa kanya ng kanyang kaaway na si satanas upang gawin siyang mapababa dahil sa mga kasalanan at kakulangan, simula nitong malaking kasalanang pag-iisip hanggang umabot sa mga ibang kasalanang hindi nabibilang.

Sinabi ni Ibno Taimiayah (rah.) tungkol nitong kahulugan, "Ang alipin ay nananatili sa biyaya ng Allah na dapat niyang pasalamatan at sa kasalanan na kinakailangan niyang paghingian ng kapatawaran. Itong dalawang mga bagay ay kasama sa mga gawaing

nananatili sa alipin. Siya'y nananatili sa pangangailangan ng pagsisisi, at paghihingi ng kapatawaran. Iyon ang dahilan na ang pangulo ng mga anak ni Adan at pinuno ng lahat na matakutin sa Allah na si Muhammad (s.a.w.) ay naghihingi ng kapatawaran sa Allah sa lahat ng pangyayari.

Sa gayon, naging tiyak sa atin na ang mga kasalanan at kamalian ay kasama sa mga pinakamalaking dahilan sa pagkalayo ng puso mula sa Allah at pagkahina o pagkasalanta sa paghangad ng kabutihan at gawaing mabuti, o kanyang pagkalayo sa pagsasagawa o pagpapatuloy nito.

Ang nakikitang katunayan nito ay ang ating napapansin na kahinaan ng isang Muslim na nakalubog sa kasalanan mula sa pagtuturong ganap sa paniniwala at kaalaman sa kanyang sarili. Halos hindi na niya ito naiisip bagaman ito'y kanyang tunay na kailangan.

Sinabi ng Allah, ang Kataastaasan, "O kayong mga nananampalataya magsisi kayo sa Allah sa pagsising matapat." Qur-an:66:8. Sinabi ng Propeta (s.a.w.), "Katotohanan, ang Allah ay Kanyang ibinubuka ang Kanyang kamay sa gabi upang makapagsisi ang nakagawa ng kasalanan sa araw at Kanyang ibinubuka naman ang Kanyang kamay sa araw upang makapagsisi ang taong nakagawa ng kasalanan sa gabi hanggang sa lilitaw ang araw sa kanyang linilubugan." Sinabi rin ng Propeta (s.a.w.), ". . .

Katotohanan, ako'y naghihingi ng kapatawaran mula sa Allah ng isang daang beses sa isang araw."

Upang mapatunay nitong pamamaraang pagsisisi ang kanyang bungang pagtuturo sa sarili, ating bigyan ng pansin ang mga ibang tagubilin kasama nito ang mga sumusunod:

## 1. Ang Katunayan ng Mga Kasalanan

Kailangang ituwid ang pag-uunawang nananaig sa kaisipan ng karamihan ng mga Muslim. Ito'y ang tinatawag na mga kasalanan sa paraan ng pagkagawa ng mga bagay na labag sa batas katulad ng pagnanakaw, pangangalunya, paninirang puri at ang mga katulad pa.

Itong pagkakaunawa ay mali dahil kasama rin sa mga kasalanan ang hindi pagsasagawa ng mga sapilitang batas o ang pagkukulang ng pagtupad nito. Ang halimbawa'y pagtutupad nito sa pamamaraan na hindi ganap gaya ng kapabayaan sa pagsasagawa ng pagdadasal sa kanyang mga oras o katamaran sa pagtupad nito kasama ng maramihan o kahinaan ng takot sa pagsasagawa sa kanya. Ang tulad din ay ang pagpapaliban sa pagbigay utos ng gawaing kabutihan at pagbabawal ng gawaing labag sa batas, o pagpapabaya sa panawagan para sa Allah, o hindi pagbibigay halaga sa kalagayan ng mga Muslim at ang mga iba pang mga sapilitang gawain na nakakalimutang malimit.

Kasama rin sa mga kasalanang malaki na lalong mabigat kay sa kasalanan ng mga sangkap ng katawan, ang kasalanan ng mga puso tulad ng pananaghili, kayabangan, paglilinlang sa sarili, paghahanga sa gawain ng sarili. Lahat nito'y nangangailangan ng tunay at tapat na pagsisisi.

## 2. Mga Tadhana ng Pagsisisi

Ang tapat na pagsisisi ayon sa sinabi ni Al-Imam Ibno Kather ay, "Ang tunay at tiyak na pagsisisi na nakakabura sa mga naunang gawaing masama at nakakapagpigil sa mga kaugaliang masamang bagay. Iyon ay ang pag-iwas ng mga kasalanan sa kasalukuyan at pagsisisi sa mga nagawa noon at kanyang titiyakin sa kanyang sarili ang hindi pag-ulit nitong gawain sa kinabukasan."

## 3. Ang Lahat na Labag sa Utos ng Allah ay Kasalanan

Ang Muslim ang may pag-aari nang lubos na paniniwala, at dakilang takot sa Allah, ang Kataastaasan. Walang pagkakaiba sa kanya ang malaking kasalanan na sapilitang nangangailangan ng pagsisisi at ang maliit na kasalanan na maaaring pabayaan. Sa kanya ang lahat na labag sa utos ng Allah

ay kasalanan at kasamaan sa karapatan ng Allah. Ayon sa sinabi nang isa sa mga naunang madasalin, "Huwag mong tingnan ang kaliitan ng kasalanan, ngunit ang tingnan mo ay kung saan ka nagkasala." Karamihan sa mga kasalanang malaki ay napapaliit at napapawala ng pagsisisi at tunay na pagsuko sa Allah ang Kataastaasan at Dakila. At karamihan din sa mga kasalanang maliit ay pinalalaki ng pamamalaging paggawa nito at pagpapabaya.

Ang katunayan nito ay ang naiulat ni Sa'd (r.a.) mula sa nabanggit ng Sugo (s.a.w.), "Iwasan ninyo ang maliit na mga kasalanan dahil, ang kahambing ng mga kasalanang maliit ay ang mga taong bumaba sa isang lambak. Bawat isa sa kanila ay may dalang patpat hanggang naipon nila ang nakapagluto sa kanilang tinapay. Katotohanan, ang maliit na kasalanan pag ipinarusa sa may-ari nito ay makakapinsala sa kanya."

## 4. Mga Kaparusahang Malapit

Ang mga kasalanang hindi napagsisihan ng may kagagawan ay may kaparusahang pangunahin sa mundong ito bago muna ang sa Huling Araw. Kahit na ito'y nahuhuli ang kanyang pangyayari sa mga ibang oras. Iyon ang dapat nating alalahanin pag may nangyari sa atin kahit anumang kasawian, nangyari man sa ating mga katawan, kayamanan, pamilya o sa ating mga gawain, maliit man o malaking kapinsalaan. Ating

unawain dito ang kaalaman ni Al-Fadil Ibno Iyad (rah.) noong kanyang sabihin, "Katotohanan, pag ako'y nakagawa ng kasalanan sa Allah ay aking malalaman sa kaugalian ng aking asawa at hayop na kargahan." Mula dito ay lalabas ang katalinuhan at katusuhan ng isang Muslim pag pinararami ang pagsisisi at paghihingi ng kapatawaran sa bawat oras at pangyayari sa hangaring patawarin siya ng Allah sa kanyang mga kasalanan sa mundong ito at hindi siya parusahan sa Huling Araw.

## 5. Mga Kasama sa Panlilinlang ng Ating Kaaway

Marahil tayo sa kabuuang ito ay hindi natin kinakailangang magbigay babala sa bawat Muslim sa panlalansi ng satanas sa atin at ang kanyang marahas na pagtitiyaga sa panliligaw sa atin sa lahat ng daan at pamamaraan. Kasama na rito ang kanyang kagustuhan na ipagpaliban muna ng isa sa atin ang kanyang pagsisisi at pagpapahuli sa pagsuko sa Allah dahil sa maraming mga katunayan kasama nito ang pag-iisip na ang tao ay bata pa, marami pa ang natitira sa kanyang buhay at malayo pa ang kamatayan.

Ngunit ang taong matalino ay ang inaagahan ang pagsisisi nang hindi pa dumating sa kanya ang kamatayan dahil hindi niya alam kung kailan siya mamamatay. Puweding mangyayaring paglabas niya sa

bahay ay hindi na makakauwi dahil sa isang sakuna ng sasakyan o iba pa. Puwede ring matutulog at hindi na magigising o biglaang mamamatay na siya'y nakaupo sa harapan ng kanyang mga pamilya at kaibigan.

Sa pangyayaring ito siya'y magsisisi sa makirot na pagsisisi at wala ng oras pa. Tungkol dito sinabi ni Al-Hasanol Bashary (rah.), "Katotohanan na may mga taong binigyang sigla ng mga hangaring paghingi sa Allah ng kapatawaran hanggang sila'y nawala sa mundong ito at hindi nakapagsisi. Sasabihin ng isa sa kanila, "Katotohanan na tapat ang aking paniniwala sa aking Panginoon." Siya'y nagsinungaling dahil kung tapat ang kanyang paniniwala ay kanyang pinabuti ang kanyang gawain."

## Ang Pangatlong Pamamaraan: Ang Pag-aaral at Pagpapalawak ng Kaalaman

Ang pag-aaral at pagpaparami ng kaalaman ay napakahalagang daan at kinakailangang pamamaraan sa maayos na pag-tuturo sa sarili at tumpak na pagpatnubay sa kanya. Dahil, papaano makakaya ng isang tao ang pagtuturong tama sa kanyang sarili kung siya'y walang nalalaman sa mga ipinag-uutos, ipinagbabawal, katarungan, kawalang-katarungan, ang

tama, at mali mula sa mga paniniwala, kaisipan, at pamamaraan?

Sinabi ni As-Shaikh Muhammad Abdul Wahab (rah.), "Dapat mong unawaan na ang pag-aaral ay tunay na sapilitan, at tunay na gamot sa mga puso. Ang tunay na mahalaga sa alipin ay dapat siyang matuto sa kanyang relihiyon. Ito'y dahil ang pagkatuto at pagsagawa sa kanya ay siyang pamamaraan ng pagkapasok sa Paraiso."

Ang tungkol naman sa kaalaman na mapapatunayan sa kanyang pamamaraan ang pagtuturo ay siya: Ang kaalaman sa batas na nababatay sa Banal na Aklat ng Allah, Tradisyon ng Propeta (s.a.w.), pagkakaunawa sa daan ng mga naunang madasalin na nuugnay sa takot sa Allah, pagmasid, at pagsamba na ito'y nangangahulugan ng pagsunod sa Kanya ang Kataastaasan at Dakila, at ang pagkakaalam sa kanyang mga ipinagbawal at mga batas na siyang magpapaabot sa isang tao sa Paraiso at magpapalayo sa kanya sa Impiyerno. Dito lahat mapapatunayan ang pagtuturo kasama na ang mga agham na sumusuhay nito at tumutulong sa kanyang pagkakabuo at pagkamasaklaw, katulad ng agham-isip, agham-lipunan, mga magkakaibang sariling pagtuturo at ang mga iba pang kapanahong agham na kapakipakinabang.

Lumilitaw ang kahalagahan ng kaalaman sa paksang pagtuturo. Itong dalawa ay likas na

magkaugnay na hindi mangyayaring mahiwalay ang isa sa iba.

Sinabi ni Muhammad Ibno Ismael, "Dumaan sa amin si Ahamad Ibno Hambal na dalang-dala niya ang kaniyang sapatos sa kanyang dalawang kamay. Siya'y tumatakbo sa mga daan ng Bagdad. Lumipat mula sa isang pulutong ng pinag-aaralan patungong iba. Tumayo ang aking tatay . . . at tinanong siya, "O Aba Abdullah, hanggang kailan ang pag-aaral mo?" At sumagot, "Hanggang kamatayan."

Kung ganon, ang pag-aaral ay mahalagang kasangkapan nang tamang pagtuturo sa sarili. Ang tungkol naman sa kanyang mga pamamaraan ay marami kasama ang mga sumusunod:

**a.** Ang kasipagan sa pagdalo sa mga lingguhang liksiyong pang-agham na isinasagawa sa mga Moske ng mga taong paham sa Islam.

**b.** Ang pagdalo sa mga panayam pang-agham at pagtuturo na palaging inihahanda sa mga moske at sa mga samahang panlipunan at mapagkawanggawa.

**c.** Ang pamamalagi sa pagbasang pang-agham at pang-edukasyon sa kanyang magkakaibang sining at agham. Mangyayari nitong pagbasa sa mga dating namamanang aklat o sa mga kapanahunan at isaayos ang kanyang palagiang oras.

**d.** Ang pagdalaw sa mga pantas, manunulat at mga guro at ang pagsasagawa ng usapang makaagham at

kaisipan kasama nitong mga tao upang makakuha ng aral sa kanilang kaalaman, karanasan, at kasanayan.

**e.** Ang pakikinig sa mga teyp ng pag-aaral na maka-agham at mga teyp ng mga panayam na nuukol sa mga magkakaibang agham at kaalaman.

**f.** Ang pagsusubaybay sa Himpilang Himpapawid ng Qur-an sa Saudi Arabia at maayos na pakinabang sa kanyang mga palatuntunan.

**g.** Ang pakikinabang sa mga programang pang-agham at pang-edukasyon na mayroon sa mga plaka ng mga kompiyuter at internet.

**h.** Ang maayos na pakikinabang sa mga paraan ng pag-aaral na isinasagawa ng mga pantas at mga guro sa mga kolehiyo, surian, at paaralan.

***Maliban sa mga nabanggit na pamamaraan ng pag-aaral, may ibang tuntunin na karapatdapat pansinin. Ito'y ang mga sumusunod:***

**1.** Kailangang maging tapat sa paga-aaral at ito'y gawing paghangad lamang sa kagustuhan ng Allah, ang Dakila at Kataastaasan, upang ito'y tanggapin ng Allah at bigyang kapakinabangan.

**2.** Ang pamamalaging pagbigay-halaga sa pag-aaral at paghahanap ng karagdagang kaalaman sa magkakaibang paraan at daan at ang hindi pagtitigil nito kahit ano pang natanggap ng tao na katunayang pang-agham.

**3.** Ang pagsasagawa ng katuwiran nitong kaalaman at pagpapatunay ng kanyang kawanggawa sa pamamaraan

ng panawagan para sa Allah, ang Kataastaasan, at pagpapalaganap nito sa pamamagitan ng mga tao at pagtuturo sa lahat ng daan at sa pamamaraan ng karunungan at mabuting pagpapayo.

## Ang Pang-apat na Pamamaraan: Ang Pagsasagawa ng Mga Gawaing Paniniwala:

Ang pamamaraan nitong pagsasagawa ay nasa pinakamaraming uri at daan at pinakamalaking bisa sa sarili at ang pagdadalisay sa kanya. Dahil, ito'y pagsasagawa sa mga kautusan ng Allah at ang Kanyang Sugo (s.a.w.). Ito'y sa larangan ng pagsusubok at pagsusulit sa kaalaman kung hanggang saan umabot ang katapatan ng nagsasagawa sa kanya sa hangaring paghihingi ng gabay at pagiging matuwid. At ito'y katunayang nagbibigay-liwanag sa kanyang kagustuhang tapat sa pagtuturo at pagbabago sa kanyang sarili.

***Ang tungkol naman sa kanyang mga larangan ay nasa maraming bilang kasama ang sumusunod:***

## 1. Ang pagsasagawa ng mga sapilitang pagsamba sa pinakamaaayos na kalagayan tulad ng:

**a.** Ang pananatiling tapat sa pagtutupad ng limang beses na maramihang dasal sa moske para sa mga kalalakihan sa pamamaraan ng takot sa Allah at kapanatagan.

**b.** Ang pagbibigay-halaga sa pagkakaabot sa umpisahan ng bawat saipilitang dasal.

**c.** Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan sa pamamaraan ng paglayo sa mga ipinagbabawal at gawaing masama.

**d.** Ang pagtupad agad sa kahilingan ng Haj sa oras na ito'y naging maalwan sa tao at makakaya ang daan.

## 2. Ang pagpaparami sa pagsasagawa ng mga pagsasambang hindi sapilitan katulad ng mga sumusunod:

**a.** Ang pagtatalaga sa sarili sa pagtupad ng mga kusang-loob na dasal araw-araw.

**b.** Ang palagiang pagtupad ng dasal na al- witr (kakabiyak na dasal) kahit isang rak-ah (isang yunit).

**c.** Ang pananatili sa moske pagkatapos ng dasal ng bukang-liwayway hanggang lumitao ang araw sa gawaing pagbabasa ng Qur-an at pagpupuri sa Allah at

pagsasagawa ng dalawang rak-ah (dalawang yunit) pagkatapos nito.

**d.** Ang pamamalaging pagsagawa ng Salatod Doha (dasal pang-umaga).

**e.** Ang pagsasagawa ng bahagi ng qiyamol layl (dasal panggabi) kahit mga ilang minuto lang.

**f.** Ang pag-aayuno sa mga araw na banal tulad ng anim na araw ng Shawwal, araw ng Arafat, Ashora, at tuwing Lunes at Huwebes.

**g.** Ang paggugol, pag-aalay, at pagbigay ng aboloy sa mga pamamaraan ng kabutihan at mga daan ng kawanggawa kahit kakaunti ang halaga.

## 3. Ang pagbibigay halaga sa pagsasamba sa pamamaraan ng pagpupuri sa Allah.

Maitataas ang pagpupuri sa Allah sa kanyang malawakang kahulugan sa mataas na kalagayan tungkol sa pagtuturo ng Muslim sa kanyang sarili. Itong pagpupuri ay nasa magkakaibang hanay. Ang nanunguna nito ay ang pagpupuri sa puso kasama ang dila, ang kasunod naman ay ang pagpupuri sa puso lamang at ang nasa huling hanay ay ang pagpupuri sa dila lamang.

Ang pagpupuri din ay nasa magkakaibang uri. Ang mga ilan dito ay ang mga sumusunod:

**a.** Ang pagbabasa ng Qur-an: Ito ang pinakabuti sa lahat. Kaya nararapat sa isang Muslim ang pagbasa

araw-araw kahit kakaunting bahagi lamang ng Qur-an. Ito'y kanyang gagawin maging anuman ang kanyang abala. Siya'y uumpisa, halimbawa ng apat na pahina at dinadagdagan ito bawat buwan ng isang pahina hanggang sa katagalan ay umabot ng isang kabanata ang kanyang nababasa araw-araw at ito'y gagawin niyang pamamalagi sa kanyang buhay.

**b.** Ang pagpupuri ayon sa mga pangyayari: Ang halimbawa nito'y ang mga pagpupuri ayon sa pagpasok at paglabas sa bahay at sa moske, mga pagpupuri ayon sa pag-umpisa at pagkatapos kumain, pagsuot ng damit, pagkakita ng bagong buwan, pag-ulan at mga iba pang pagpupuri.

**c.** Ang mga pagpupuri sa umaga at hapon: Ito'y mga pagpupuri na binabanggit sa umpisahan ng araw at gabi kasama nito ang pagbabasa ng kabanatang Al-Kursey, Al-Ikhlas, at Al-Maozatayn sa tagtatatlong beses, ang pangulo ng mga pagpupuri, at ang mga iba pang pagpupuri at mga dasal na nalalaman.

**d.** Ang pagpupuring may mga takdang bilang tulad nang binanggit ng mga tamang Tradisyon ng Propeta (s.a.w.), ang kanyang bilang at kabutihan kasama nito ang mga sumusunod: **1.** At-Tahlel (sampo o sandaang beses) **2.** Ang pagsasabi ng Subhanallah, Alhamdolillah at saka Allaho Akbar (tatlompo't tatlo bawat isa nito) at pagkatapos ay babanggitin niya ang Tahlel upang maging sandaan. Ito'y ginagawa pagkatapos ng bawat

sapilitang dasal **3.** Ang pagbabasa rin ng "Subhanallahi wabehamdehi" (sandaang beses).

**e.** Ang pagpupuring walang takda. Ito'y pagpupuring hindi uamaalinsunod sa lugar, oras, at pangyayari, katulad ng pagsasabi ng "Subhanallahi walhamdolillahi walailaha illallaho wallaho Akbar, La haula wala quwwata illa billahi wassalato wassalamo a'la Rasollillahi " at ang mga iba pa.

***Kasama nitong pamamaraan ang ibang mga mahalagang tuntunin na ating babanggitin sa mga sumusunod:***

## Ang Una: Ang Kahalagahan ng Limang Dasal

Ang tunay na muslim ay tinutupad ang limang dasal araw-araw at binibigyang-halaga ang pagtupad nito sa pamamaraan ng maramihan sa moske. Isinasagawa sa kanyang mga saligan, mga sapilitan at hindi sapilitang gawain at sa kanyang oras. Iniingatan niya ang nangyayari sa ibang mga tao tungkol sa pagbibigay-halaga sa mga kusang-loob na dasal at ang mga iba pang tinutupad sa oras na ginagawa ang mga sapilitang dasal. At ang pagkakaabala ng iba naman sa mga hindi nakakabuting gawain mula sa pang-aaliw, masama o pagpupuyat sa gabi at hindi itinutupad nitong mga sapilitang dasal sa kanyang mga oras lalong-lalo na

ang dasal sa bukang-liwayway. At iniingatan din na hindi niya maabot ang takbilatol ihram (umpisahan ng dasal).

## Ang Pangalawa: Ang Pamamagitan ng Mga Pagsasamba at Mga Kaugalian

Dapat natin itaas ang kalagayan nitong mga pagsasamba upang hindi bababa sa mga gawaing kaugaliang nakakayamot na ito'y isinasagawa ng ating katawan sa kakulangan ng kaluluwa at sa mga salita lamang o mga galaw na walang sigla.

Dapat nating pagsikapan sa tunay at isagawa sa katatagan ng ating mga puso't kaluluwa na ito'y lumalambot sa pag-iisip ng kanyang mga kahulugan at katotohanan ng kanyang dakilang layunin. Ito'y isinasagawa sa takot, katiwasayan, katunayan, at katapatan upang makakapagbigay sa ating mga kaluluwa at buhay ng kabutihan na nakikita sa ating mga galaw at kaugalian. Sinabi ng Allah, ang Kataastaasan, "Tunay na nagtagumpay ang mga nananampalataya (1) Sila'y sa kanilang pagdadasal ay mapagpakumbaba (2). Qur-an:23:1-2.

## Ang Pangatlo: Ang Kaalaman ay Hindi Sapat

Puwede bang mangyari ang tagumpay ng isa sa atin tungkol nitong mga gawaing mabuti sa kaalaman lamang ng kanyang kapakinabangan at gantimpala na hindi isinasagawa at tinutupad?

Hindi natin inaakala na ang taong nasa kanyang puso ang pagmamahal sa Allah at sa Kanyang Sugo, at nasa kanyang puso rin ang kagustuhang makapasok sa mataas na Paraiso na kanyang gagawin ang bagay na iyon. Ngunit siya'y makikita mong nakikipag-agawan sa lahat ng larangan at gawain. Kanyang pinagmamadalian ang lahat na kabutihan at pagtalima sa mga utos, katulad ng sinabi ng Allah, ang Kataastaasan,

"Magmadali kayo sa kapatawarang nagmula sa inyong Panginoon, at sa Paraiso na ang kanyang kalawakan ay katulad ng kalawakan ng langit at lupa. Iyon ay ipinaghanda sa mga naniwala sa Allah at ang Kanyang Sugo." Qur-an 57:21. Dapat gawing payo nitong mabuting kasabihan, "Kung makakaya mong walang makakauna sa inyo sa pagharap sa Allah ay dapat mong gawin."

## Ang Pang-apat: Huwag Makalimutan Ang Pagpupuri sa Allah

Ang pinakamabuti sa lahat na pagsasamba na kasunod ng mga sapilitang dasal ay ang pagiging

halumigmig ng dila ng isang Muslim sa paggugunita sa Allah, pagpupuri, pagdadakila at paghingi ng kapatawaran sa Kanya, ang Kapuri-puri at Kataastaasan.

Ang mga uri ng pagpupuri ay magkakaiba ayon sa kinaroroonan ng tao sa bahay, sa sasakyan, sa daan, at sa lahat ng lugar, oras at kalagayan. Sinabi ng Allah, ang Dakila at Makapangyarihan, "Gunitain mo ang iyong Panginoon sa inyong sarili sa pamamaraan ng pagpapakumbaba at pagkakatakot at hindi malakas na salita sa umaga at hapon. Huwag kang maging kasama ng mga taong pabaya." Qur-an:7:205.

## Ang Panglima: Pagsasamba sa Mga Oras na Kasipagan

Ang sarili ay may oras na nagkakagusto ng pagtalima o pagsuko at may oras din na siya'y tumatalikod mula nito. Ang taong matalinong matagumpay ay siyang sinasamantala ang kanyang mga oras na kasipagan, kalakasan, at kawalang abala. Sinasamantala niya itong mga oras sa pagsasagawa ng mga kautusang sapilitan at pagpaparami ng mga gawaing kusang-loob.

Nabanggit sa Tradisyon ng Propeta (s.a.w.), "Samantalahin mo ang limang mga bagay nang wala pa ang lima. Ang iyong pagkabata nang wala pa ang iyong katandaan, ang iyong kalusugan nang wala pa ang iyong

sakit, ang iyong kayamanan nang wala pa ang iyong karalitaan, ang iyong kawalang ginagawa nang wala pa ang iyong abala, ang iyong buhay nang wala pa ang iyong kamatayan." Isinalaysay ni Al-Hakim.

## Ang Pang-anim: Ang Pakikinabang sa Mga Banal na Oras at Lugar

Tiniyak ng Allah, ang Kapuripuri at Kataastaasan, ang mga ibang oras at lugar na may karagdagang kabanalan. Ginawang binababaan ito ng mga biyaya at tinatanggapan ng mga dasal. Kaya, dapat samantalahing mabuti ito ng isang Muslim sa mabuting mga gawain. Katulad ng buwan ng Ramadan, pangsampo ng buwan ng Zil Hijjah, ang huling oras ng araw ng Al-Jum-'ah, ang huling pangatlong hati ng gabi at ang iba pa.

Nabanggit sa Tradisyon ng Propeta (s.a.w.), "Katotohanan, may isang oras sa gabi na walang hinihiling na kabutihan dito sa mundo at sa Huling Araw ng isang Muslim mula sa Allah, ang Kataastaasan, na hindi ibinibigay sa kanya. Iyon ay sa bawat gabi."Isinalaysay ni Muslim.

## Ang Pampito: Ang Kahalagahan ng Paninimbang

Mahalaga sa isang Muslim ang pagsikap sa pagtupad nitong mga uring pagsamba at mga utos. Ngunit, ito'y sa pamamaraan ng timbangan. Hindi maaaring binibigyang kahalagahan ang isa nito at iniiwanan ang iba. Dapat niyang pagsikapan ayon sa kanyang makakaya at oras ang pagsagawa nito lahat upang maging kasama ng mga taong ganap na madasalin.

Sinabi ni Ibnol Qayyim (rah.) pagkatapos mabigyang linaw ang mga daan ng mga tao patungo sa Allah, "Kasama nila ang dumadaan patungo sa Allah na siya'y makakaabot sa Kanya mula sa bawat daan. Siya ang taong ginawa ang mga tungkulin ng kanyang pagiging alipin na hangarin ng kanyang puso at pagpakuan ng kanyang mga mata. Hinaharap niya ito kahit saan. Pumupunta siya kung saan pumunta. Sumasama sa bawat pangkat. Kung saan naroroon ang pakikipag-alipin [sa Allah], naroroon ang kanyang pagsisikap. Kung ito'y sa paghahanap ng kaalaman, ang kanyang tungkulin ay kasama sa mga taong naghahanap ng kaalaman. Kung naroroon sa pagpupunyagi sa daan ng Allah, siya'y naroroon sa hanay ng mga nagpupunyagi. Kung sa pagsasagawa ng dasal, siya'y kasama ng taong madasalin. Kung sa pagpupuri sa Allah, ang kanyang pagsisikap ay sa mga taong mapuriin. Kung sa pagbibigay ng kawanggawa, ang kanyang pagsisikap ay nasa pangkat ng mga mapagkawanggawa. Kung siya'y tinanong, "Anong

nagugustuhan mo sa mga gawain? Ang kanyang isinasagot, "Gusto kong tuparin ang kautusan ng aking Panginoon kahit saan."

# Ang Panglimang Pamamamamaraan: Ang Pagbigay-kahalagahan sa Kaugalian

Inalagaan ng Islam sa tunay na pag-aalaga ang mabuting kaugalian. Pinag-ukulan niya ng buong sikap sa kanyang mga ipinag-uutos, ipinagbabawal, at mga uri ng pagsasamba at pagtupad sa mga kautusan, ang magiging mabuting kinalabasan nito sa kaluluwa at sa buhay ng mga tao. Ang pinakadakila nito sa katuwiran ng Allah ay ang takot sa Kanya, pagsunod, pagmamahal, at katapatan. Sa katuwiran naman ng mga alipin, ay ang kagandahang asal sa kanila at paggawa ng mabuti para sa kanila, "Ang relihiyon ay ang pakikitungong mabuti."

Sinabi ng Allah, ang Dakila at Makapangyarihan tungkol sa kaugalian, "Katotohanan, ang Allah ay nagugustuhan niya ang mga taong makatarungan." Qur-an:49:9. at sinabi, "Ang Allah ay nagugustuhan niya ang mga gumagawa ng kabutihan." Qur-an:3:148. at sinabi, "Hindi magkapariho ang mabuting [gawain] at masama. Itaboy mo [ang masama] at ipalit ang mabuti. Batay

diyan, ang siyang may alitan sa pamamagitan mo at siya ay maging katulad ng matalik na kaibigan." Qur-an:41:34. At Sinabi, "Katotohanan, bibigyan ang mga matiisin ng gantimpalang hindi nabibilang." Qur-an:39:10. at ang iba pang mga taludtud.

Sinabi ng Propeta (s.a.w.) sa kanyang Tradisyon, "Walang bagay na mabigat sa timbangan ng isang aliping nananampalataya na hihigit sa kanyang kabutihang asal. Tunay na ang Allah ay kanyang kinasusuklaman ang gawaing malaswa at mahalay." Isinalaysay ni At-Tirmzey. Nabanggit din sa ibang kasabihan ng Propeta (s.a.w.) "Tunay na ang nananampalataya ay kanyang makakamit dahil sa kanyang kagandahang asal ang [tulad ng] pamantayan ng nag-ayunong isisinasagawa ang dasal na tarawih [dasal sa bawat gabi ng buwan ng Ramadan]." Isinalaysay ni Abo Daud.

Ukol dito, nalaman natin na ang kagandahang asal ay kasama sa mga pamamaraan ng pagtuturo at iyon din ang kanyang layunin. Kaya, tunay na nararapat sa isang Muslim ang pagtuturo sa kanyang sarili sa mga kaugaliang mabuti na itinatawag ng ating dakilang relihiyon. Ang mga halimbawa nito'y pagtitiyaga, pagtitiis, kahinahunan, katatagan, pagmamahalan, pagpapakumbaba, kagandahang loob, pagbibigay-aliw, pagkamatapat, pagkamapananaligan, pagka-makatarungan, pagtitiis ng masakit o nakayayamot, pagmamahal sa mga magulang, mabuting pakikiugnay

sa mga kamag-anak, paggalang sa nakakatanda sa iyo, kahabagan sa maliit, at pagtulong sa nangangailangan katulad ng pobre at naaapi. Itong mga gawain ay upang ang bawat isa sa lipunan ay manirahan sa kapaligiran ng pagmamahalan at katapatan, at sa ugnayang nangingibabaw ang kaligayahan, pagkakaisa, pananalig, paggalang, pakikisang-ayon, at ganap na pagkakaisa.

Sinabi ni Ibnol Qayyim (rah.), "Ang relihiyon sa kanyang kabuuan ay kaugalian. Ang sinumang dagdagan niya para sa inyo ang kaugalian, ay dinagdagan niya para sa inyo ang relihiyon."

Sinabi ni Ibno Rajab (rah.) tungkol sa kanyang paglilinaw sa kasabihan ng Propeta (s.a.w.), "Gawin mong mabuti ang iyong kaugalian sa mga tao." Iyon ay kasama sa mga kaugalian ng pagiging masunurin sa Allah, dahil hindi mabubuo ang pagsunod sa Allah kung wala iyon [kaugaliang mabuti]. Ito'y binanggit nang tiyakan ng Propeta (s.a.w.) sa sagot ng pangangailangan, dahil karamihan sa mga tao ay kanilang iniisip na ang pagsunod sa Allah, ay ang pagsasagawa ng kanyang katuwiran na hindi kasama ang katuwiran ng mga tao. Ang sabay na pagtutupad sa katuwiran ng Allah at ng mga tao ay tunay na mataas na gawain na walang ganap na nakakakaya kundi ang mga Propeta at mga madasalin.

***Upang maturuan mo ang iyong sarili, O kapatid na Muslim, dapat mong unawaan itong mga tuntunin na sumusunod:***

## 1. Ang Pagtitiyaga sa Pinapangarap

Ang dakilang pagtuturo sa sarili na lininaw sa atin ng ating Propeta (s.a.w.) tungkol sa pagbabago ng mga kaugaliang mali o katangiang nakakahamak ay mangyayari sa pamamaraan ng paulit-ulit na pagsubok at tunay na pagpipiglas. Ito'y dahil hindi tinatanggap sa isang Muslim ang pagkakaroon ng mga kaugaliang masama sa pangangatwiran na itong mga katangian ay matatag na kalakaran o likas na pinagkaugatan. Kung ang bawat isa na may kaugaliang masama ay matatanggap sa kanya itong pangangatwiran sa hindi pagkakabago ng ugali ay magiging walang pakinabang sa mga kautusan, kabawalan, kaisipan, kagustuhan, pagbibigay-sigla at pagbabanta sa Islam.

## 2. Paglilinis sa Puso ng Mga Kaugaliang Nakakahamak

Itong katangian ay isa sa mga pangunahing mabuting asal sa Islam. Ito'y dahil kung ang isang Muslim ay walang maidudulot na kabutihan sa iba at hindi niya maibibigay ang nararapat sa kanila na kabutihan, tulong, makikisama sa kanila sa maayos na pakikisama at kagandahang asal ay ang mahalaga sa kanya ay ang kanyang pusong malinis sa araw at gabi

mula sa sama ng loob, hinanakit, paninibugho, pagmamayabang at lahat ng kaugaling nakakahamak.

## 3. Ang Kalawakan at Kaganapan ng Kaugalian

Maaring ipinapalagay ng karamihan sa mga Muslim ang pagkakaroon nilang labis na mabuting kaugalian at kagandahang asal. Dahil dito, sila'y umabot sa pinakamataas na pamantayan ng kaugalian sa pangangatwiran ng pagkaganap nito at pagtaas ng kanilang mga katangian. Ito'y ganap na hindi tama dahil ang mga kaugalian at mga kagandahang asal na itinuturo sa atin ng Islam ay siyang pinakamarami, pinakamalalim, pinakamalawak at halos hindi mabibilang. Kung tatanungin ng tao ngayon ang kanyang sarili kung ito ba'y naisasalarawan lahat sa pinakamabuti at ganap na pamantayan, siya'y mahihiya sa pagsagot nitong katanungan kung siya'y tapat.

## 4. Ang Pakikihalubilo sa Mga Taong Mabuti ang Kaugalian

Kasama sa mabisang mga pamamaraan sa pagtuturo ng Muslim sa kanyang sarili ng kagandahang asal at pagkaganap ng nakukulang nito sa kanya ay ang pakikihalubilo sa mga taong may mataas na mga

kaugalian at mabuting mga katangian upang makatamo sa kanila mula nitong mga kaugalian at katangian. Dahil ang tao sa kanyang katutubo ay tunay na naiimpluwensiyahan ng mga tao sa kanyang kapaligiran at kanyang mga nakakasama sa pamamaraan ng pagbibigay sigla, paghuhuwad, at paghahalo.

Dahil diyan binigyang halaga ng Islam ang pakikisama sa mga taong mabuti, mabait at ihinambing sila sa mga nagdadalang pabango. Sa kabila nito'y binalaan siya sa pakikisama sa mga taong masama at ihinambing sila sa mga umiihip ng bulusan.

Kapatid na Muslim! Ang iyong mga kasama ba'y mabait na maaaring may makita ka sa isa sa kanila na kaugaliang mabuti o katangiang maganda na ang dahil sa kanya mabibigyan ka ng Allah ng malaking kapakinabangan sa iyong mundo at Huling Araw?

## 5. Ang Pag-alinsunod sa Mga Kalahatang Kagandahang Asal

Hindi karapat-dapat sa isang Muslim ang pagsasagawa ng isang bagay na lumalabag sa mga tuntunin ng karangalan, o ang pagwawalang-bahala sa mga patakaran ng pakikitungo sa mga tao at pakikipag-usap, o kahit anong paraan sa mga pamamaraan ng mga kaugaliang kalahatan kahit kaunting bagay lamang gaya ng pagsisigaw sa iba na hindi kinakailangan, o

pagkagalit dahil sa pinakamaliit na bagay, o maraming pagsasalita, pagbibiro, o pagsasalungat sa mga panuntunan ng sasakyan tulad ng paghinto sa lugar na nakakasama sa iba, o ang iba pang gawain kahit gaano kaliit na bagay.

Ito'y dahil ang isang magalang na Muslim ay kinakailangan sa kanya ang malinaw na pag-uunawa hindi tulad ng iba, ang pagiging maramdamin at saganang mabuting kaugalian. Papaano ito hindi kinakailangan sa kanya? Kanyang kinakatawan ang bansang Islam na may-ari ng mataas na pag-uugali. Siya'y nagpupunyagi upang itayo ang mataas na kabihasnan. Ang kanyang mga galaw at pag-uugali ay naiituturing na nanggaling sa Islam.

## Ang Pang-anim na Pamamaraan: Ang Pakikilahok sa Da'wah (Panawagan para sa Allah)

Naibibilang na isa sa pinakamahalagang pagtuturo sa sarili ang pakikilahok sa da'wah. Ito'y dahil ang Muslim sa kanyang pagsasagawa nitong da'wah at pakikihalubilo sa mga tao sa gawain ng pagtuturo at pagsasanay sa sarili ay sabay na natuturuan ang kanyang sarili sa panawagan ng Allah at ang Kanyang Sugo

(s.a.w.), sa pagkakaunawa ng karamdaman ng mga iba, pagbibigay-halaga sa kanilang kalagayan, at paglitas sa kanila mula sa masama o kalapastangan sa relihiyon at ang mga ibang katulad pa. Siya'y nasasanay at natututo sa maraming kaugalian at kalakarang hindi niya dapat malaman kung hindi sa pamamaraan nito. Lahat nito'y mga kailangang layunin sa kanyang sarili at sa iba.

Sa kabilang dako, tunay na ang isang Muslim sa kanyang pagkakamasid sa kalagayan ng mga Muslim, ang mga nangyayari sa karamihan sa kanila na kamaliang gawain sa kanilang relihiyon at paniniwala, at kahinaan sa pagsasamba at kaugalian ay tunay na nakakaramdam ng kalungkutan at masakit sa kanyang sarili mula nitong mga kalagayang nakakalungkot at nakakasakit.

Ngunit, itong pagkaramdam ng sakit sa loob at kalungkutan, sapat bang pamamaraan upang baguhin nitong kalagayan? Hindi sukat akalain na ang taong tapat sa kanyang relihiyon at may awa sa kanyang bansa na ito'y gawing sapat. Ngunit ang iniisip natin at inaasahang magmula sa kanya ay ang pagsagawa ng bagay na magpawalang-sala sa kanya at magpaligtas sa kanya sa pagtutuos sa Huling Araw.

***Upang magdamdam ang isang Muslim tungkol sa pagtuturong isinasagawa sa pamamaraan ng da'wah at mabigyang-halaga nito, kailangang makapagbigay tayo ng mga ilang mahalagang gabay tulad ng mga sumusunod:***

## 1. Ang Pagkakaroon ng Karamdaman sa Pagiging Sapilitan ng Da'wah.

Ito'y mahalagang bagay dahil ang isang Muslim sa kanyang pagtuturo sa sarili ay sisimula sa kanyang pagkakaalam na ang panawagan para sa Allah ay sapilitan at tunay na walang maaring maging dahilanan at pagpipili para sa kanya upang hindi isagawa nitong da'wah. Ito'y sapilitan sa bawat isa ayon sa kanyang makakaya at karunungan batay sa maraming mga taludtod ng Qur-an at mga kasabihan ng Propeta (s.a.w.). Kasama nito ang sinabi ng Allah, ang Kataastaasan,

"Sabihin mo [O Muhammad], "Ito ang aking daan. Ako'y nananawagan para sa Allah sa pamamaraan ng kaalaman, ako at ang mga sumunod sa akin." Qur-an:12:108. At sinabi ng Propeta (s.a.w.), "Ang sinumang nanawagan para sa matuwid na landas ay may gantimpalang tulad ng mga gantimpala ng mga taong sumunod sa kanya at ito'y hindi mababawas sa kanilang gantimpala." Naiulat ni Muslm. At ang kanyang sinabi, "Sinuman sa inyo ang makakakita ng masama ay kanyang itigil sa pamamaraan ng kanyang kamay, kung hindi niya makakaya ay sa pamamaraan ng kanyang dila, kung hindi pa niya ito makakaya ay sa

pamamaraan ng kanyang puso at ito ang pinakamahina sa paniniwala." Naiulat ni Muslim.

## 2. Ang Pagsasamantala sa Lahat ng Pagkakataon ng Pagsasagawa ng Da'wah

Ang panawagan para sa Allah ay hindi nauugnay sa lugar, oras, kalagayan, o sa mga taong natatakda. Ito'y isinasagawa kahit anong oras at pamamaraan na sang-ayon sa batas at naitutupad ang layuning hinahangad. Kaya, hindi mabuting maliitin ng isang Muslim ang anumang kalagayan, pagkakataon, at pangyayaring hindi inaasahan para sa panawagan at pagbabago. Sinung nakakaalam na baka gabayan ang isang tao sa isang pangyayaring hindi inaakala ng daiyah (predikador o tagatawag).

## 3. Ang Pamamalagi sa Gawain ng Da'wa at Hindi Pagtitigil

Ang nananatiling gawaing maliit ay higit na mabuti kay sa maraming hindi nananatili. Ito ang mahalagang simulain sa larangan ng da'wa. Ito'y dahil ang ibang mga muslim kung minsan ay nagkakaroon nang buong sigla sa pagsasagawa ng panawagan para sa

Allah sa natatakdang oras ng kanyang buhay lalong-lalo na sa oras ng kanyang kabataan. Pagkatapos sa pagtatagal ng panahon ay unti-unting umuuntos hanggang mawawala na ito sa likha ng maraming kadahilanan. Ang pinakamalaki nito'y ang kahinaan ng kanyang pamamalagi sa paghahanap ng karunungan at katatagan ng paniniwala katulad ng mga nabanggit natin sa unahan.

## 4. Ang Mga Daan ng Da'wa ay Sagana

Ang pagpupunyagi ng isang daiyah sa pagkakahanap ng isang paraan sa maraming pamamaraan ng da'wah ngayon na sang-ayon sa kanyang hilig, oras at pagsisikap ay katunayan ng kanyang katalinuhan at katusuhan. Iyong nakikita na kanyang napapakinabangan ang bawat daan kahit gaano pa kaliit at ang bawat oras kahit gaano kaikli. Kanyang binibigyang-halaga ang mabuting pakikitungo sa iba, dahil sa kanyang kaalaman sa dakilang bunga na nalilikha ng da'wah sa mga tao. Kasama nang mabuting pakikitungo ang tapat na pagngingiti, mabuting salita, pagbibigay ng handog, libro, teyp, aral, panayam at ang iba pa.

## 5. Ang Pakikipagtulungan sa Iba

Ang tunay na daiyah sa kanyang pagsisikap sa pagsasagawa ng da'wa (pangaral), pagbago at pagtuturo ayon sa kanyang karunungan, oras, at kayamanan ay nakikipag-isa sa mga iba at nakikipagtulungan sa kanila upang maging mabisa at kapakipakinabang nitong kanilang dakilang gawain. Dahil itong gawain ay nangangailangan ng maramihang pagsisikap at mga programa ng samahan upang mapatunay nitong mga gawain ang kanyang mga layunin sa mataas na pamantayan at tagumpay.

# Ang Pampitong Pamamaraan: Ang Pagpupunyagi

Isang pinakamahalagang bagay na dapat malaman nang isang Muslim ang kahirapan ng pagpapatunay nang ganap na pagtuturo sa sarili. Maging magaan lamang nito kung naipon ang mga mahalagang tadhana at nakahanda ang mga naaangkop na kalagayan. Ang pinakamahalaga nito'y ang pagpupunyagi sa sarili upang isagawa ang mga sapilitang gawain at iwanan ang mga kasalanan at sanayin sa pagsasagawa ng mga kanaisnais na gawain at mga pagsusunod sa Allah at pagmamahal sa Kanya at pagkakagusto sa Huling Araw.

Ito'y dahil ang daan nang pagiging matuwirin sa utos ng Allah, at ang pagkakatamo ng ganap na kadalisayan ng sarili ay natatabunan ng kapaguran, panlilinlang, kahirapan at pagtitiis. Itong daan ay hinaharangan din ng mga kaaway na inihahanda sa isang Muslim ang masama at kaligawan. Sila ang labis na kagustuhan, ang satanas, at ang pag-aapoyo ng sarili sa masamang gawain. Ang hindi nakapaghanda sa kanyang sarili upang harapin, labanan at pigilin sila ay madaling sumuko sa harapan nila sa umpisahan ng mga hakbang ng kanyang pagtuturo sa sarili o hihina ang kanyang lakad sa pagpapatuloy nito at pag-aakyat sa kanyang pinakamataas na pamantayan.

***May mga panuto tungkol sa paksang ito na dapat nating banggitin katulad ng mga sumusunod:***

## 1. Ang Pagtitiis ay Baon ng Pagpupunyagi

Itong pagtitiis ay siyang humihimok sa sarili sa kanyang pamamalagi at pagiging malakas sa pagpupunyagi. Ang sinumang mawala sa kanya ang pagtitiis ay hindi magtagumpay sa kanyang pagpupunyagi. Tuwing lumalakas ang pagsisikap ng sarili sa kanyang tagumpay at kagustuhan ay lumalakas din ang pangangailangan ng alipin sa pagtitiis sa pagpupunyagi ng sarili at pag-aaguwanta ng kahirapan

nito hanggang ito'y manitili sa pagtutupad ng utos ng Allah, ang Kapuripuri at Kataastaasan.

## 2. Ang Batis ng Kagustuhan

Ang pagkadikit ng isang tao sa mga kadahilanang panlabas at ang pag-aasa sa kanya ay mali. Ang tulad nito'y ang paghihintay sa pagkakaroon ng kayamanan, asawa o paghihintay ng malawakang pag-asa sa kinabukasan, upang itong mga bagay ay mabigyan siya ng matatag na kagustuhan at maging panloob na gumaganyak sa kanya sa pagtuturo sa kanyang sarili na walang kapaguran at kahirapan.

Ito'y mali lahat at pamamaraan ng satanas, dahil ang pagpupunyagi at tunay na kagustuhan ay nagmumula sa loob ng sarili at kaluluwa at sa pananabik ng tao sa kanya at pagbibigay ng kanyang halagang karapat-dapat. Sinabi ng Allah, ang Kataastaasan, "Ang silang nagpunyagi sa Aming [daan] ay tunay na Aming papatnubayan sa Aming mga daan. Katotohanan, ang Allah ay kasama ng mga [taong] mabuting gawain." Qur-an:29:69.

Sinabi ni Ibnol Qayyim, "Isinangkot ng Allah ang Kapuripuri at Kataastaasan, ang gabay sa pagpupunyagi dahil ang ganap sa mga tao ang kanyang patnubay ay ang pinakadakila ang kanyang pagpupunyagi. Ang pinakasapilitan na pagpupunyagi ay ang pagpupunyagi sa sarili, pagpupunyagi sa

kagustuhan, pagpupunyagi sa satanas, at pagpupunyagi sa mundo. Ang sinumang taong magpunyagi sa apat na ito para sa Allah, ay papatnubayan ng Allah sa mga daan ng Kanyang kasiyahan na magpapaabot sa Kanyang Paraiso. Ang sinumang iniwanan ang pagpupunyagi ay nawala sa kanya ang sukat na hindi niya isinagawa sa pagpupunyagi."

## 3. Ang Paunti-unti sa Pagpupunyagi

Ang pagpapalit sa sarili at pagbabago sa kanya ay hindi puweding mangyari sa biglaan sa pamamagitan lang nang isang araw at gabi. Ngunit, ito'y ginagawa sa paunti-unti. Ang halimbawa'y kukuha ang tao ng isa sa mga gawaing mabuti at sa mga programang kapakipakinabang katulad ng mga nabanggit sa mga naunang mga pamamaraan ng kanyang makakayang gawin araw-araw.

Sa walang pagdududa, pagtatagal ng panahon at mga araw, pagsisikap at pagiging matapat sa Allah, ang Dakila at Makapangyarihan, ay kanyang matatagpuan ang kanyang sarili na nananatiling tapat sa kanyang gawain at may kagustuhan sa pagdagdag nito. Sa gayon, walang ibang gagawin kundi unti-unting dugtungan niya ito hanggang mapapansin ang mabuting pagbabago at pagsulong sa kanyang sarili, paniniwala, at pag-uugali.

Ang katunayan nitong tunay na paniniwala ay ang sinabi ng Propeta (s.a.w.) sa kanyang kuwento mula

sa kanyang Panginoon, ang Kapuri-puri, ang Kataastaasan, "Sinong lumapit sa akin sa agwat nang isang dankal [9 pulgada] ay lalapit din ako sa kanya sa agwat ng isang [nakaunat] na kamay. Sinong lumapit sa akin sa agwat ng isang [nakaunat] na kamay ay lalapit din ako sa kanya sa agwat ng dalawang [padipang nakaunat na] kamay. Sinong nakarating sa akin na naglalakad ay makakarating din ako sa kanya na tumatakbo."Naiulat ni Al-Bukharey at Muslim. Ang katulad din nito ay ang kasabihan na, "Ang lalakaring sanlibong milya ay uumpisa sa isang hakbang."

Walang nararapat mong gawin, O kapatid na Muslim! kundi umpisahan mo ngayon ang pagsasagawa ng inyong makakaya sa mga gawaing mabuti at tiyak na ikaw ay matutuwa sa kanyang kalalabasan sa lalong malapit na panahon sa awa ng Allah.

## 4. Gawin Mo ang Iyong Sarili na Mapagmasid

Tiyak na kailangan sa talakayan ng paksang ito ang tuloy-tuloy na pagpupunyagi sa sarili, sa kagustuhan, sa satanas, at hindi pagtitigil sa gawaing mabuti kahit sandali lamang dahil, ang pagpapabaya at pag-iiwan nito sa mga panandaliang oras lamang kahit napakaigsi ay magdudulot ng kalugihan sa paniniwala, at kasawian sa pagtuturo at ito'y puweding hindi na

mapapanumbalik o kahit kaya pang papanumbalikin ngunit sa pinakamahirap na papamamaraan.

Sinabi ni Al-Hakem At-Tirmizey, "Pag nakaligtaan mo ang iyong sarili dahil sa [kanyang] walang kasanayan, huwag mong tiyakin na siya pa'y makakabalik sa ilan sa kanyang mga ibang kaugalian hanggang ang kanyang kasakiman ay nabubuhay at ang kagustuhan sa sarili ay nangingibabaw."

Sinabi ni Al-Hafiz Ibno Hajar, "Ang ganap na pagpupunyaggi sa sarili ay ang pagiging mapagmasid ng tao sa lahat ng kanyang kalagayan. Pag ito'y pinabayaan, siya'y nahihikayat ng satanas at ang kanyang sarili sa pagkagawa ng mga ipinagbabawal."

## 5. Sino ang Nakikinabang sa Pagpupunyagi

Kinakailangan pa ba O kapatid na Muslim! Na sabihin sa inyo na ikaw ang makikinabang lahat kung ikaw ay nagpupunyagi sa iyong sarili at sa iyong mga kaaway? At ang gantimpala ng mga gawain mong mabuti ay doon mapupunta sa timbangan ng inyong mga gawaing mabuti, hindi sa timbangan ng iba sa inyo? Kung ang inaasahan na sagot mo ay "Oo", bakit ka nagpapakatamad, nagpapabaya at sumusuko sa mga bagay na humihikayat sa inyo sa kabatuganan at pamamahinga? Hindi mo ba alam na sa mga ilang araw

lamang ay mawawala ang iyong kapaguran at kahirapan at ang kapalit ay kasayahan sa mga gantimpalang iyong makakamit sa kapahintulutan ng Allah, ang Kataastaasan?

## Ang Pangwalong Pamamaraan: Ang Tapat na Pagdadasal at Pagpapakupkup sa Allah, Ang Kataastaasan

Naibibilang itong panig sa mga napakahalaga sa mga panig ng Pagtuturo sa Sarili. Ito'y dahil hanggang hindi makamit ng isang Muslim ang tulong at awa ng Allah, ang Kataastaasan, at tumatag ang kanyang kalooban sa hangaring matamo ang layunin at isalya ang hindi kanaisnais na gawain, hindi niya ito maabot sa kanyang katalinuhan lamang at kakayahan, kahit gaano pa kalakas.

Ang panalangin ay naging kasama ng mga pamamaraan ng pagtuturo sa sarili, dahil ito'y pagpapatunay nang isang Muslim sa kanyang lubos na pagkakalupig, pagpapakumbaba sa harapan ng kanyang Panginoon, pagtanggap ng kawalang kakayahan, kalakasan, at kapangyarihan, at ang pag-amin sa

kapangyarihan ng Allah, ang Kanyang lakas, kakayahan at biyaya.

Sinabi ng Allah ang Kataastaasan, "Sinabi ng inyong Panginoon, "Tawagin ninyo Ako, at sasagutin Ko kayo." Qur-an:40:60. Sinabi ng Propeta (s.a.w.), "Walang isa mang Muslim sa ibabaw ng lupa na tinatawag niya ang Allah sa isang kahilingan na hindi ipaparating ng Allah sa kanya nito o tanggalin sa kanya ang masamang katulad ng kanyang kahilingan maliban lang kung ang hinihingi ay masama o pagputol sa ugnayan ng mga kamag-anak." Sinabi ng isa sa mga tao, "Kung ganon, kami'y magpapakarami [ng panawagan sa Allah]." Sinabi ng Propeta (s.a.w.), "Ang Allah ay higit na marami [ang kanyang ibinibigay]." Sa ibang pagkasalaysay, kanyang idinagdag, "o Kanyang [Allah] iniimbak para sa kanya [muslim] ang gantimpalang katulad ng kanyang kahilingan." Isinalaysay ni At-Tirmizey.

Sa ibang Tradisyon ng Propeta (s.a.w.) ay nabanggit, "Ang pinakamahina sa mga tao ay ang taong mahina sa panalangin." Nabanggit sa As-Sahehol Jami'. Sinabi rin sa ibang Tradisyon, "Walang magpaurong sa katalagahan [ng Allah] kundi ang panalangin." Isinalaysay ni Al-Imam Ahmad.

Tapat na lininaw ng Propeta ang kaugnayan ng panalangin at pagdadalisay sa sarili. Ang panalangin ay isa sa mga pamamaraan ng pagdadalisay at kanyang sinabi, "Tunay na ang paniniwala ay nasusukat sa loob

ng isa sa inyo katulad ng pagsusukat ng damit. Hilingin ninyo sa Allah, ang Kastaastaasan na baguhin ang paniniwala sa inyong mga puso." Isinalaysay ni Al-Tabraney sa pamamaraan ng mabuting salaysay.

Sinabi ni Abid Darda' (r.a.), "Tawagin mo ang Allah sa Araw ng iyong kaligayahan bakasakali ikaw ay tanggapin sa araw ng iyong kalungkutan." Sinabi ni Ibnol Qayyim (rah), "Hindi binigyan ang taong binigyan kundi noong hindi pa niya iniwanan ang pagsasalamat sa Allah, at kinalimutan ang kanyang pangangailangan sa Allah at panalangin. Hindi nagtagumpay ang taong nagtagumpay kundi dahil sa kanyang pagsasalamat, at tapat na pangangailangan at panalangin."

***Upang mapatunay sa pamamaraan nito ang kanyang bunga ay hindi dapat kalingatan ang mga tuntuning sumusunod:***

## 1. Ang Ating Pangangailangan ng Panalangin

Ang pagkaramdam nang isang muslim sa kanyang malawakang pangangailangan sa tulong ng Allah, pagkaloob sa kanya ng mabuti, paggabay at pananatili sa matuwid na landas hanggang kamatayan ay tunay na kailangan sa paksang ito. Kung wala ang mga bagay na ito, siya'y mapupunta sa kalugihan at ligaw na landas sa kanyang mundo at kabilang buhay.

Kinakailangan ng Muslim ang kalakasan ng kanyang damdamin sa bawat oras at paghinga sa kanyang pamumuhay. Ito ang nagtutulak sa kanya upang mapakinabangan ang lahat na pagkakataon at panandaliang doon niya inaasahan ang pagkatanggap ng kanyang panalangin. Ito ay kanyang ginagawa sa pamamaraang marami at tapat na paghihiling sa Allah na ipagkaloob ang kanyang kahilingang ikabubuti ng kanyang sarili at maiaakyat niya sa pinakamataas na pamantayan ng paniniwala at kabutihan. Kanyang hinihiling ang matatag na tulong ng Allah sa kanyang pagpupuri sa Kanya, pagsasalamat at maayos na pagsamba.

## 2. Ang Mga Oras at Mga Lugar na Tinatanggapan ng Panalangin

Ang pinakamabuti sa mga oras ng panalangin ay ang pangatlong hati ng gabi, sa mga oras na itinatawag ang limang pagdadasal, sa pagitan ng adhan (panawagan para sa dasal) at iqamah (pagtatayo ng dasal), at sa oras ng pagpapatirapa. Ang pinakabanal sa mga lugar ay sa loob ng Ka'ba at sa kanyang kapaligiran, sa As-Safa at Al-Marwah, sa oras na paglalakbay at iba pa.

## 3. Ang Mga Tadhana ng Panalangin

Upang tanggapin ng Allah ang ating panalangin, kinakailangan nating bigyang halaga ang pagsunod sa kanyang mga tadhana, at iwasan ang mga nakakahadlang sa kanya. Ang mga tadhana nito'y tulad ng mga sumusunod: **a.** Ang kinakain ng tao ay mabuti hindi galing sa nakaw o panluluko, **b.** Ang katiyakan ng tao sa kanyang hinihiling, **c.** Ang pagpapakita sa panalangin ng kahinaan at pagpapakumbaba sa Allah ang Kataastaasan at Dakila, **d.** Ang pagkakaroon ng puso (o katatagan ng loob) **e.** Ang pagsisisi mula sa mga kasalanan, **f.** Ang pagkakagusto at pagkakatakot sa Allah na nag-iisa, ang Kapuripuri at Kataastaasan, sa panalangin.

## 4. Huwag Kang Magmadali sa Sagot

Puweding mangyari sa isang Muslim ang pagpaparami ng panalangin at pagdadasal, ngunit hindi niya makakamit ang kanyang hangarin sa madaling oras na kinakailangan. Ito ba'y magiging dahilan upang magpakalungkot at iwanan ang panalangin? Kung ito'y gagawin, tunay na nagtagumpay ang satanas sa pagkatalo sa kanya, at pagkalinlang mula sa pagsagawa nitong dakilang pagsasamba at sandata na hindi natatalo.

Ngunit dapat niyang ituloy ang kanyang panalangin dahil siya'y magkakaroon ng isang kabutihan mula sa tatlong bagay. Ito'y puweding ibibigay ng Allah

ang kanyang hinihingi o siya'y ililigtas mula sa masamang mangyayari sa kanya at kapinsalaan, o iiponin ng Allah ang gantimpala ng kanyang panalangin at siya'y bibiyayaan ng mga kabutihan sa mundo at sa Huling Araw.

## 5. Bigyan Mong Kabutihan ang Iyong Sarili at ang Iba sa Iyo

Huwag mong makalimutan ang panalangin para sa iyong pamilya, mga kamag-anak, mga taong nananawagan para sa Allah, mga nagpupunyagi sa daan ng Allah, at sa lahat ng mga Muslim. Ipanalangin mo sila sa panalangin mo sa iyong sarili. Ikaw sa gawaing ito ay sabay na makakakuha ng gantimpala mula sa panalangin mo sa iyong sarili at ang iba sa inyo. Katulad ng nabanggit sa Tradisyon ng Propeta (s.a.w.), "Walang isa mang alipin na Muslim na ipinananalangin ang kanyang kapatid na Muslim sa kanyang pagkakaliban na hindi sasabihin sa kanya ng isang Anghel, "Nasa iyo [rin] ang katulad [ng kanyang gantimpala]." Isinalaysay ni Muslim.

# Ang Mga Kinalabasan at Bunga ng Pagtuturo sa Sarili

Marahil sa katapusan nitong pananaliksik ay kanais-nais na banggitin natin ang magiging mabuting mga bakas at mga bungang hinog na maaani ng isang Muslim pag tinuruan ang kanyang sarili sa ganap na pagtuturo. (Hinihiling natin sa Allah na ito'y maging gumaganyak sa atin lahat sa pagbibigay-halaga ng pagtuturo sa ating mga sarili, pagbabago, at pagdadalisay). Ito'y ang mga sumusunod

## Ang Una: Ang Pagtatagumpay sa Kagustuhan ng Allah, ang Kapuripuri at Kataastaasan, at Pagkakapasok ng Kanyang Paraiso

Ang isang Muslim pag isinasagawa ang ganap na pagtuturo sa kanyang sarili sa pamamaraan ng pagtupad sa mga sapilitang gawain at pag-iiwan ng mga kasalanan ay tunay na walang pag-aalinlangan na makakamit ang kagustuhan ng kanyang Panginoon, ang Kapuri-puri at Kataastaasan at makakapasok ng Kanyang Paraiso. Itong dalawa ay hangarin ng bawat

Muslim sa Huling Araw at hantungan ng kanyang kaligayahan at kasayahan.

Sinabi ng Allah ang Kataastaasan, "Sinumang tao ang gumawa ng mabuti, lalaki man o babae, habang siya'y naniniwala, sila'y makakapasok sa Paraiso. Sila'y tinutustusan doon nang hindi nabibilang." Qur-an:40:40. Sinabi ng Allah ang Kataastaasan, "Katotohanan, silang naniwala at gumawa ng mga gawaing mabuti ay naging sa kanila ang mga halamanan ng Paraiso na ipinaghanda." Qur-an:18:107.

Sa kahalagahan ng pagtuturo at pagdadalisay naging ang kanyang pamantayang gantimpala ay Paraiso. Sinabi ng Allah, ang Kataastaasan, "Sinuman ang makakarating sa Kanya na naniwala at tunay na gumawa ng mga gawaing mabuti, sila ang may-ari ng mga antas na mataas." Qur-an:20:75.

## Pangalawa: Ang Kaligayahan at Katiwasayan

Hindi ko inaakala na may taong hindi hinahangad ang kaligayahan ng puso at katiwasayan ng sarili. Ngunit ang karamihan sa mga tao ay tunay na nagkamali sa pamamaraan ng pagkamit nito at naligaw sila sa kanyang daan. Ito'y dahil doon nila hinahanap sa mga pagkain, pag-inom, mga kagustuhan at kasakiman ng sarili at mga kasalanan. Hinahanap nila dito at doon

at walang natagpuan na kaligayahan kundi para sa pinakamaikling panahon at sa kalagayang mali at paimbabaw lamang. Sila'y umuwi pagkatapos ng mahirap na pagsisikap, pagkawala ng mahabang buhay, at pagkaroon ng labis na kalungkutan at malaking pagsisi.

O taong naghahanap ng kaligayahan! Ikaw ay aming gagabayan sa kanya at gagawing maiksi para sa iyo ang kanyang landas. Gagawing maging maluwang ang iyong oras at pagsisikap. Ito'y ang pagpapanumbalik sa Allah ang Kataastaasan, at pagtuturo sa sarili sa pamamaraang matatag na pagsasagawa sa lahat ng kanyang mga ipinag-utos at pag-iiwas ng lahat ng kanyang mga ipinagbawal.

Sinabi ng Allah ang Kataastaasan, "Sinumang gumawa ng mabuti, lalaki man o babae, habang siya'y naniniwala ay tunay na Aming bubuhayin sa mabuting pamumuhay." Qur-an:16:97. Sinabi din ng Kataastaasan, "Sinumang iwanan ang pagpupuri sa Akin ay magkakaroon siya ng malungkot na pamumuhay. At Aming bubuhayin na bulag sa Araw ng Paghuhukom." Qur-an:20:124.

Sinabi ni Al-Imam Ibno Kather, "Siya'y magkaroon ng mahirap na pamumuhay sa mundo. Wala siyang katiwasayan at walang kaluwagan ng damdamin. Ang kanyang dibdib ay hapis at naghihirap dahil sa kanyang kaligawan kahit siya'y nagtatamasa sa kanyang labas ng kaligayahan, nakasuot nang gustong suutin,

nakakain nang gustong kainin at nakatira sa kanyang kagustuhang tirahan."

Sinabi ni Ibnol Qayyim (rah.), "Walang pamumuhay na tulad ng mga mangingibig na sila'y nasisiyahan sa kanilang iniibig. Mapayapa ang kanilang mga kaluluwa sa kanya. Matiwasay ang kanilang mga puso dahil sa kanya. Sila'y umaasa sa kanyang kalapitan. Sila'y nagpapakaligaya sa kanyang pagmamahal.

Nasa puso ang karukhaan na walang makakaapula kundi ang pagmamahal sa Allah ang paghaharap at pagsisisi sa kanya. Maliban dito tiyak na walang makakabuo sa kanyang pamumuhay. Ang sinumang hindi maging matagumpay dito, ang kalahatan ng kanyang pamumuhay ay kadalamhatian, kahirapan, kasawian, at pagsisisi."

## Pangatlo: Ang Pagmamahal at Pagkatanggap

"Iyon ang madaliang balita para sa naniniwala" tulad ng nabanggit sa Tradisyon ng Propeta (s.a.w.), Sinumang baguhin niya ang kanyang sarili at turuan ng paniniwala, takot sa Allah, at pagsasagawa ng mabuting gawain ay makakamit niya ang pagmamahal ng Allah, ang Kataastaasan. Walang dakilang gantimpala na hihigit nito!!! "Tuluyang lumalapit sa akin ang Aking

alipin sa pamamaraan ng pagsasagawa ng mga kanaisnais na gawain hanggang mahalin ko siya." Ang kasunod nito'y makakamit niya ang pagmamahal ng mga tao at paggalang sa kanya na wala sa kanyang kagustuhan at pagpipili dahil ang Allah ang naglagay nito ng pagkatanggap sa kanya sa kanilang mga puso.

Sinabi ng Allah ang Kataastaasan, "Katotohanan ang silang naniwala at gumawa ng mga gawaing mabuti ay ipagkakaloob sa kanila ng Mahabagin ang pagmamahal ng mga tao." Qur-an:19:96.

Nabanggit sa Tradisyon ng Propeta (s.a.w.), "Pag minahal ng Allah ang isang alipin, kanyang tinatawag si Anghel Gabriel [at sasabihin], "Katotohanan ang Allah ang Kataastaasan ay kanyang minahal si Pulano at iyong mamahalin, at siya'y mamahalin ni Anghel Gabriel at tatawagin ang mga tagalangit. Katotohanan ang Allah ay kanyang minamahal si Pulano at inyong mamahalin at siya'y mamahalin ng mga tagalangit. Pagkatapos, ipagkaloob sa kanya ang katanggapan sa lupa."

"Ang kahulugan ay ipinagkaloob sa mga puso ang pagmamahal para sa kanya at itinanim sa kanila ang paggalang sa kanya. Minamahal siya ng mga puso. Nasisiyahan sa kanya ang mga tao na walang dahilang pagmamahal mula sa kanya at walang nangyari sa mga bagay na dapat matamo sa pamamagitan niya ang pagmamahal ng mga puso, katulad ng pagiging kamag-anak, kaibigan o likha ng pagkakakilala. Inihahagis sa

mga puso ng kanyang mga kaaaway ang takot at paggalang sa kanya dahil sa pagdadakila sa kanya at paggalang sa kanyang mabuting katayuan.

## Pang-apat: Ang Tagumpay at Mabuting Kapalaran

Kasama sa biyaya ng pagiging matuwid sa kautusan ng Allah at pagtuturo ng sarili sa kanyang pagiging masunurin ay ang pagkakaloob ng Allah sa gumagawa nito ng mabuting kapalaran at tagumpay sa lahat ng daan ng kanyang pamumuhay. Ang katulad nito'y ang kanyang ugnayan sa kanyang asawa, anak, pamilya o ugnayan sa kanyang mga kapit-bahay, kamag-anak, kaibigan o ang tungkol sa kanyang mga panukalang pangangalakal at pang-agham na pag-aaral at ang mga iba pa.

Ngunit, ito'y hindi nangangahulugan na ang buhay nitong tao'y walang maging pagkukulang at kalugihan sa kanyang mga gawain sa mundo, o hindi siya magkakaroon ng kasalanan. Hindi ito ang tinutukoy, dahil siya'y tao. Nangyayari sa kanya ang nangyayari sa mga tao na masama, kakulangan, pagpapabaya at pagkakalimot.

Ngunit malaking kaibahan ng taong tinataglay ng mabuting kapalaran at tagumpay ang kadalasan ng kanyang pamumuhay at ang ibang taong madalas

sinusundan ng kasawian at kakulangan ang kanyang pamumuhay.

## Panglima: Ang Pagkakaligtas Mula sa Mga Masamang Pangyayari at Hindi Kanaisnais

Ililigtas ng Allah, ang Kapuripuri at Kataastaasan, itong Muslim mula sa karamihan na mga paghihirap sa mundo, mga hindi kanais-nais na nangyayari sa buhay, mga satanas ng mga tao at mga enkanto na naghahangad ng masama sa kanya, hanggang sa mga kasamaan ng mga hayop, salot, at iba pa.

Sinabi ni Ibnol Qayyim tungkol sa kahulugan ng kasabihan ng Allah ang Kataastaasan, "Katotohanan, ang Allah ay kanyang inililigtas ang silang naniwala." Qur-an:22:38. "Ang pagsusuporta ng Allah at kanyang pagliligtas sa kanila ay katugon ng lakas at kaganapan ng kanilang paniniwala. Ang katawan at lakas ng paniniwala ay nababatay sa pagpupuri sa Allah ang Kataastaasan. Ang sinumang ganap ang kanyang paniniwala at lubos na marami ang pagpupuri sa Allah ay higit na dakila ang suporta ng Allah sa kanya at pagliligtas."

Gayon din, inaalagaan ng Allah para sa taong matakutin at naturuan ang sarili ang kanyang pakikinig,

paningin at lakas ng pag-iisip at katawan sa panahon ng kanyang kabataan at katandaan.

Sinabi ni Ibno Rajab, "Sinong taong alagaan niya ang kanyang paniniwala sa Allah sa panahon ng kanyang kabataan at kalakasan, ay aalagaan din ng Allah sa panahon ng kanyang katandaan at kahinaan ng lakas, at ipatamasa sa kanya ang pagkakakinig, pagkakakita, kalagayan, kalakasan at kaisipan."

Ang isa sa mga halimbawa nito'y ang isa sa mga paham na lumagpas ang kanyang gulang sa sandaan. Siya'y namuhay sa pagtatamasa ng kanyang lakas at isipan. Sa isang araw siya'y lumundag ng malakas at siya'y sinisi sa kanyang ginawa at siya'y sumagot, "Itong mga bahagi [ng katawan] ay aming inalagaan mula sa mga kasalanan sa panahon ng kabataan at inalagaan din ng Allah sa amin sa panahon ng katandaan."

Ito'y katunayan ng nabanggit sa Tradisyon ng Propeta, "Alagaan mo ang [iyong paniniwala sa] Allah, at ikaw ay aalagaan. Alagaan mo ang [iyong paniniwala sa ] Allah at siya'y iyong matatagpuan sa iyong harapan." Isinalaysay ni At-Tirmizey.

## Pang-anim: Ang Biyaya sa Oras at sa Kayamanan

Sa walang pag-aalinlangan ang tao ay may dalawampu't apat na oras araw–araw na kaniyang

ginagamit. Ngunit sa paggamit nito ay may kaibahan ng taong binibigyang halaga ang pagtuturo sa kanyang sarili, dahil napapakinabangan niya itong mga oras sa pagsasagawa ng mga gawaing matagumpay at mga kasiglahang mabuti, at ang ibang taong katulad niyang gumagamit nitong oras sa pamamaraan ng pag-aaksaya at pagpapalipas nito sa pagtutupad ng gawaing walang kabuluhan sa kanyang sarili at sa iba. Kung tanungin mo siya sa hulihan ng kanyang araw kung anong ginawa sa mga gawaing mabuti ay nabubulol ang kanyang dila sa pagsagot sa iyo. At ito lahat ang gawain ng kanyang pamumuhay.

Gayon din ang kalagayan ng kayamanan sa taong mabuting gawain, dahil makikita mo siya na kanyang pinapakinabangan ng maayos ang kanyang kayamanan. Ito'y ginugugol sa mga layuning mabuti at sa mga daan ng kawanggawa at kabutihan. Sa kabila nito'y iyong makikita ang iba na kanyang ginugugol ang kanyang kayamanan sa mga kasalanan, kasamaan, kagustuhan ng sarili, at kaluguran. Ito'y magdudulot ng kaparusahan sa kanya sa mundo dahil sa inaasahang mangyaring pagkasakit, sakuna o pagkakulong bunga ng kanyang mga gawain at iba pa. Sa kabilang buhay naman siya'y tutuusin, gagantihan, at paparusahan.

## Pampito: Ang Pagbabata sa Mga Kahirapan at Kalagayan

Itong pamumuhay ay hindi linikha ng Allah, ang Kataastaasan, sa kalagayang iisa lamang galing sa kaaliwalasan, kayamanan, kalusugan, at pagtitipon. Ngunit ito'y linikha ng Allah sa mga kalagayang pabagu-bago. Linagay sa kanyang mga daan at kapaligiran ang karamihan sa mga kahirapan, kapaguran, at kakirutan. Ito'y dahil sa mga layuning marami na ang pinakamahalaga sa kanya ay:

Ginawa nitong mga kalagayang hindi nananatili sa mga tao upang ito'y maging gumaganyak sa kanilang kalooban sa pagharap sa Allah, ang Kapuripuri at Kataastaasan at mapagsikapan nilang gumawa ng mga gawaing mabuti dahil sa hangaring makapasok sa Paraiso, ang lugar ng kapayapaan, kapahingaan, at katiwasayan.

Ang mabuting Muslim ay matatagpuan mo sa mga kahirapang ito at kapaguran na siya'y tinataglay ng pananantili, kasiyahan, pagatitiis. Ito'y ayon sa kanyang kaalaman na ito'y kaligtasan mula sa mga kasamaan at pag-angat ng mga antas ng kalagayan.

Sinabi ng Allah, ang Kataastaasan, "At tunay na susubukan Namin kayo sa bagay na nuukol sa katakutan, kagutuman at pagkawala ng kayamanan, buhay, at mga bungang kahoy. Qur-an:2:155. Nabanggit din sa Tradisyon ng Propeta (s.a.w.), "Kahanga-hanga ang kalagayan ng isang naniniwala. Tunay na lahat ng kanyang kalagayan ay mabuti sa kanya. Hindi ito matatagapuan sa kahit sino man maliban sa naniniwala.

Pag may dumating sa kanya na kasayahan, siya'y nagpasalamat at iyon ay mabuti para sa kanya. Kung may nangyari sa kanya na masama, nagtiis at iyon [din] ay mabuti para sa kanya." Isinalaysay ni Muslim.

## Pangwalo: Ang Pakiramdam sa Kaligtasan

Walang isa mang tao sa mundong ito na hindi napapaikutan ng mga nakakatakot mula sa lahat ng kanyang panig o hindi natatabunan ng mga kasawian at kalungkutan mula sa lahat ng kanyang kapaligiran. Papaano hindi mangyayari nito sa tao kung siya'y nasa pagitan ng mga nakaraang panahon na hindi niya nalalaman kung ano ang mga bagay na ipinatupad ng Allah, at sa makakarating na panahon na hindi niya nalalaman kung ano ang gagawin ng Allah.

Ngunit ang naniniwala ay wala siyang nararamdaman kahit maliit na bagay mula sa yaong mga nakakatakot at mga kalungkutan sa nakaraan man o kasalukuyan o sa hinaharap. Siya'y tiwala sa habag at kapatawaran ng Allah sa mga kasalanang nanggaling sa kanya kahit gaano karami. At siya'y tiyak sa kanyang pang-agdong-buhay at pagkain. Kanyang nalalaman na ito'y nakatalaga sa Al-Lauhol Mahfuz (petsarang nakatago).

Ang naniniwala ay tiyak sa oras ng kanyang kamatayan na hindi mapapadali o mapapatagal kahit isang minuto at nasisiyahan sa lahat na isinasagawa ng Allah sa kanyang katalagahan. Siya'y tiyak na may kabutihan para sa kanya pagkatapos ng kanyang pinagsikapang tuparin ng ganap na mga pamamaraan ng batas at pagkakaroon.

Sinabi ng Allah, ang Kataastaasan, "Katotohanan, ang silang sumabi, "Ang aming Panginoon ay ang Allah" pagkatapos, sila'y nagpakatuwid, walang pagkatakot sa kanila, at wala silang ikinalulungkot." Qur-an:46:13. Sinabi ng Allah ang kataastaasan, "Siya [Allah] ang nagbaba ng katiwasayan sa mga puso ng mga nananamplataya, upang madagdagan ang kanilang paniniwala kasama ng dati." Qur-an:48;4.

"Itong katiwasayan ay buhay ng puso, ilaw na nagbibigay liwanag sa kanya at gumigising, lakas na sinusuhayan ang kanyang kapasiyahan at ginagawang matatag sa harap ng mga kahirapan. Sinusupil ang sarili sa kanyang pagkakabahala at pagkakalungkot. Iyon ang dahilan na nadadagdagan ang paniniwala ng nananamplalataya kasama ng kanyang dating paniniwala, [sa katiwasayan ng kanyang puso]."

Upang maging malinaw sa atin itong katunayan, magbigay tayo ng halimbawa mula sa kasaysayan ng mga naunang madasalin sa atin na ito'y punong-puno ng mga kataka-takang halimbawa sa tapat na pakikipag-

alipin sa Allah, ang Kapuripuri at Kataastaasan, at pagiging matatag sa mga kapinsalaan. Iyon ay ang nangyari kay Shaykhol Islam Ibno Taimiyyah (rah.) noong siya'y nakulong sa tanggulan ng Dasmascus. Siya'y nakulong na kasama ang kanyang mag-aaral na si Ibnol Qayyim (rah).

Sinabi ni Ibnol Qayyim sa kanyang guro, "Sinabi sa akin sa isang beses, "Ano ang dapat gagawin ng aking mga kaaway sa akin? Ako, ay ang aking Paraiso at halamanan ay sa loob ng aking dibdib. Kung saan ako pumupunta, siya ay aking kasama. Hindi niya ako iniiwanan. Ang aking pagkakulong ay pag-iisa [sa dasalan], ang pagpatay sa akin ay kamartiran, at ang pagdidistiyero mula sa aking bayan ay paglalakbay. Kanyang sinasabi palagi sa kanyang pagpapaatirapa nang siya'y nasa kulungan,

"O aking Panginoon tulungan mo ako sa pagpupuri sa iyo, pagsasalamat sa iyo, at maayos na pagdadasal sa iyo. May isang beses na kanyang sinabi sa akin, "Ang nakakulong ay ang nakulong ang kanyang puso mula sa kanyang Panginoon, ang Kataastaasan, at ang nabihag ay ang siyang nabihag ng kanyang kagustuhan.

Ito lahat ang mga nakayanang banggitin sa mga pamamaraan at kinalabasan ng pagtuturo sa sarili.

Hinihiling natin sa Allah ang Kapuripuri at Kataastaasan, ang pagbigay-kabutihan nitong mga salita sa lahat ng makakabasa sa kanya, at maging tapat

lamang sa daan ng Mahabagin, at tayo'y pagkalooban ng bagay na kanyang nagugustuahan at ikinalulugod.

Ang kahuli-hulian ng ating panalangin ay ang pagbabanggit sa " Ang lahat ng pagpupuri ay tunay na sa Allah lamang ang Panginoon ng sangkatauhan at ipagkaloob ang Kanyang biyaya sa Kanyang Propeta Muhammad (s.a.w.) at sa kanyang mga kamag-anak, mga kasama at sa kalahatan.

# التربيـة الذاتيـة

إعداد

**عبد الله بن عبد العزيز العيدان**

ترجمة

**إبراهيم يوسف**

**دار الـورقــات العلميــة للنشــر والتــوزيـع**

**الرياض ٣٢٦٥٩ ص.ب ١١٤٣٨ هاتف : ٤٢٠١١٧٧ ناسوخ ٤٢٢٨٨٣٧**

Designed By : BANAN/0126734455

## التـربيـة الذاتيـة

إعداد :

عبدالله بن عبدالعزيز العيدان

ترجمة :

إبراهيم يوسف

دار الورقات العلمية للنشر والتوزيع
الرياض - الشفا - هاتف : ٤٢٠١١٧٧ - فاكس : ٤٢٣٨٨٣٧

ردمك ٠-٨-٧-٩٥٤٩-٩٩٦٠